


# ANG KAKATWANG TAO

 Manatili po tayong nakatayo pansumandali. Mahal na Panginoon, kami po'y dumudulog sa Iyong Makalangit na presensya muli sa pamamagitan ng pananalangin; unang-una, para makapagbigay pasasalamat para sa lahat ng Iyong ginawa para sa amin, at para sa dakilang pag-ibig sa aming puso para sa Iyo at sa Iyong Salita. Panginoon, ang mga taong ito, ngayong gabi, na iniibig ko nang buong puso ko, sila'y nagsakripisyo at naparito para maupo sa mainit na silid, at kung ano pa, dahil iniibig nila ang Iyong Salita.

<sup>2</sup> At kami'y dumudulog para ipanalangin ang mga maysakit, ngayong gabi, Panginoon, at ang mga nangangailangan. Nawa'y wala nang nanghihinang tao sa kalagitnaan namin sa dulo ng gawaing ito. Iyo pong gantimpalaan sila para sa kanilang katapatan, Panginoon. Ikaw po'y mangusap sa amin sa pamamagitan ng Iyong Salita, at palakasin kami, Panginoon, sa pag-usad namin, na dala-dala ang kadustaan. Isa pong pribilehiyo na magawa ito! Kami'y humihiling sa Pangalan ni Jesus. Amen. Makakaupo na po kayo.

<sup>3</sup> Di ako makahagilap ng mga salita, siyanga, para ipahayag ang pasasalamat ko sa isang grupo ng mga tao katulad nito, na naparito at umupo sa gusaling ito. Nais kong sabihin, na, bukas . . . O, bibiyahe po kami papuntang Topeka, Kansas, para sa susunod na pagtitipon, at matatapos 'yun nang kasunod na Linggo na. At pagkatapos mula roon, pupunta kami, sa Philadelphia.

At, ngayon, kami'y pupunta dapat sa ibayong-dagat, doon sa Kenya, at Tanganyika, at Uganda, sa mga—mga tribo roon. At sila'y may kaunting pag-aalsa ngayon kasama ang Mau Maus. Hindi ako makapasok bilang isang misyunero, pero sisikapin kong makapasok bilang isang mangangaso. Papasok ako, at aayusin nila.

<sup>4</sup> Kadalasan, nagtutungo ako bilang misyunero at pagkatapos nangangaso, pero sa pagkakataong ito ako'y pupunta para makapangaso, at pagkatapos maging isang misyunero. Kaya, doon—doon, sa alinmang paraan para makapasok doon sa kanila. At si Kapatid na Mattsson-Boze ay abala't inaasikaso ito, sinisikap na maipasok ako, inihahanda 'yung safari na pupuntahan ko para makapangaso. Buweno, pagkatapos, pagdating ko dun sa safari, pagkatapos nga'y sasabihin niya, "Narito sa bansa ang ating Kapatid na Branham." Magpupunta sa embahada, "Ayo lang po ba kung makakapagdaos kami ng isang munting pagtitipon sa dako rito?" Kita n'yo? Yun nga ang magpapasimula nun, at tuluy-tuloy na 'yun. Hayan nga na

di lang natin alam kung mangyayari ba, kung magagawa ba namin 'yun, o hindi. Sisikapin natin. At humiling na ako sa Panginoon, na kung may bagay na mangyari na di maasikaso ng kapatid, hayan nga na tanda 'yun sa akin na babalik ako rito sa Jeffersonville at ipapangaral ang *Pitong Trumpeta*, nang Hulyo o Agosto, sa mga panahon na 'yan.

<sup>5</sup> At pagkatapos, kung magagawa natin, titingnan natin ngayon, sisikapin naming kunin itong mga silid sa eskuwelahan dito na de aircon, dahil magiging mas mainam at mas malamig. Makakaupo ang labinlima- hanggang labinwalong-daang katao. At de aircon pa, isang bagong lugar nga, na limang bloke lang sa itaas dito. At may isang beses na tinanong namin ito, at hindi sila pumayag na makuha natin ito. At 'yung lalaki na hindi tayo pinayagan na makuha ito ay wala na sa lupon. Kaya ngayon, 'yung tao na nandun ngayon ay sinasabi na maaari nating upahan 'yun anumang oras na nais natin. Kaya heto nga na tayo'y—tayo'y masaya na makuha ito. At heto nga na maaari na nating makuha ito ngayon, at siguro sa Hulyo, at magdaos. . . Ilan po ba ang mananalangin, kung kalooban ng Panginoon ngayon, kung mayroon man na tanggihan tayo?

<sup>6</sup> Alam n'yo, gustung-gusto ko ang Arizona. Napaka kahanga-hangang dako po. Matagal-tagal na rin akong nag-aasam na makapunta roon.

Sige't kung maitutulak mo sana 'yan nang kaunti, Kapatid na Ben, kung magagawa mo, kung ito'y. . . Oh, 'yan. . . Sige, po. Sige. O, kung sinuman ang nandiyan, pakitaasan lang nang kaunti, dahil kagagaling ko lang sa talagang. . . [May nagsasabi, "Teyp, mga kapatid."—Pat.] Ano po 'yun? ["Mga teyp lang po."] Oh, mga teyp lang. Oh, nandito pala 'yung isa rito. Pasensya na. Ayos na, Kapatid na Ben. Mangyari nga na ako. . .

<sup>7</sup> Sa pagbalik ko mula Arizona, sa pagpunta rito, nagbunsod nga 'yun na mamaos ako nang kaunti, dahil sa pagbabago ng klima. Dito kasi'y nasa walumpu't pito hanggang siyamnapu, at kung minsan pa nga'y sandaang porsiyento, ang halumigmig. At doon nama'y umaabot ng zero, at kung minsan pa nga, 'yung katamtaman, nasa kasandaan-at-dalawampu ng isang porsiyento na halumigmig. Parang nakatira ka sa ilalim ng kulambo ng oxygen. At pagkatapos kapag aalis ako mula roon, papunta rito, alam n'yo na grabe 'yung diperensya nun sa'yo. Kaya maaapektuhan talaga ang boses, at kung ano pa.

Ibalik mo na lang kung nasaan dati, kung magagawa mo, Kapatid na Ben. Nagkamali ako na pinataas ko pa. Ang akala ko ito 'yun, pero *heto* pala 'yung itinaas nila.

<sup>8</sup> Ngayon ipanalangin n'yo kami, bawat isa sa inyo. Tunay na tatanawin namin 'yan sa inyo. Binabanggit sa akin ni Billy na may nagdala raw ng isang basket ng melokoton, at munting mga regalo na inyong. . . Hindi nga sapat ang pasasalamat ko sa

inyo. Hindi ko—hindi ko alam kung paano gawin nang maigi. At pakiramdam ko—pakiramdam ko nga'y di ako karapat-dapat na tumanggap ng mga bagay mula sa inyo. Idinadalangin ko sa Diyos na pagpalain kayo, at alam ko na gagawin Niya, dahil sinabi Niya, “Yamang inyong ginawa maging sa pinakamaliit dito, ay sa Akin ninyo ginawa.” At pagpapalain kayo ng Diyos, sigurado po ako.

<sup>9</sup> At kahit ang Arizona po'y napakagandang lugar talaga, may isang bagay ako na nami-miss, 'yun nga'y, kayong lahat. Siyanga. Nami-miss ko kayong lahat. Di ko—di ko alintana saanman ako pumunta, ako—ako . . . iba rin talaga, kung hindi kayo. May mga kaibigan ako, sa lahat ng dako ng mundo, pero iba kung—kung hindi—kung hindi kayong lahat. May kung anong bagay sa munting grupo na ito na talagang . . . Hindi ko alam. Lagi kong naiisip sila.

<sup>10</sup> At sa Tucson, isa po 'yung siyudad ng mga turista, alam n'yo, at nahahatak ang mga kasimbahanan, alam n'yo. Medyo mahirap nga. Hindi ganoong ka-espirituwal; at, dahil may kompetisyon, na talagang matindi; at kaya 'yun ang nagpapahirap. Kung maisasama ko lang lahat kayo, kasama itong bahay-sambahan, pagkatapos mamamalagi roon, sa palagay ko magiging mas mainam. Kita n'yo? Pero sa palagay ko, basta't nananatili ito bilang simbahan, at lahat kayo'y pumupunta pa rin, ako po'y mananatili rito, hanggang sa dumating si Jesus.

<sup>11</sup> Kaya ipanalangin n'yo ako, gaya ng sinabi ko kanina. Pasensya na po kung inulit ko, pero kapag nagpupunta po ako rito sa harapan n'yo, ako—ako nga'y kinakabahan, at ako'y napapanglaw, at nagiging madamdamin, at paiba-iba ang kalooban, din. Ganoon po ako, sa totoo lang, kaya ako . . . 'yung kaibuturan ko ay para bang nahahapak sa loob ko. Pero ang malaman na saanman ako magpunta . . . Hindi na wala akong isang—isang grupo sa mundo, na alam ko, na talagang tapat sa akin na gaya ng grupong ito. Nawa'y—nawa'y ibunsod ng Diyos na umigting pa na tayo'y di-magkawalay, na, sa Kaharian na parating, nawa tayo'y maparoon na magkasama-sama; 'yan ang dalangin ko.

<sup>12</sup> Nakaupo ako rito sa may pinto, nakikipag-usap ako kay Bill Dauch kani-kanina lang bago ako may inakay pabalik kay Cristo, uli, dun sa isa pang silid. Pero habang nakaupo nga roon na nakikipag-usap sa kanya, na nobenta uno anyos na, ang sabi niya, “Ako—ako'y pahina na nang pahina. Yung mga mata ko'y di na tulad dati.”

At sa palagay ko, mga dalawang taon ang nakalipas, nakabisita ako sa kanya noong magkaroon siya ng ganap na pagpalya ng puso't bara sa puso, na mamamatay na siya. At 'yung mismong doktor na sumusuri sa kanya, na nagsabi na di na

iigi ang lagay niya, ang doktor pong 'yun ay patay na. At hetong nakaupo si Bill Dauch, kita n'yo, nobenta uno anyos na. Sabi ko, "Bill, marahil hindi ka na maaasahan sa mundo sa aspeto ng pagtratabaho at mga bagay na gaya nun. Pero hinihiling ko nga ito, 'pagkalooban ka ng Diyos ng lakas,' dahil mahal na mahal mo ang mga pagtitipon." Ang nobenta-uno-anyos na lalaking ito ay binabagtas pa mismo ang bansa sa isang kotse, mainit man, tuyo, malamig, hindi niya alintana, kahit ano pa ito, para lang mapakinggan ang Salita. Pagpalain ng Diyos ang magiting na kaluluwa na 'yan. Ngayon hindi pa ako. . .

<sup>13</sup> May isa pa po pala akong paghingi ng tawad, dahil sa pagpapanatili sa inyo gaya ng ginawa ko kaninang umaga, nang tatlong oras. At hindi ko nabigyan ng hustisya ang mensahe, dahil pinutol ko ito, at may di ako naisama, at nilaktawan ang bahagi na ito, at kung ano pa. Yun 'yung dahilan kung bakit sinabi ko sa kanila na huwag munang ilabas ang teyp. Gagawin ko uli 'yun sa ibang dako kung saan malamig o kung ano. At akin—akin—akin ngang dama ang Espiritu, pero nakikita ko nga kayo at alam ko na paypay kayo nang paypay at alam ko na naiinitan kayo, at—at nahahapak nga ang kalooban ko. Ayaw kong magdusa kayo; ang nais ko—ang nais ko'y maging kumportable kayo. Kita n'yo? At 'yun ang bumabagabag sa akin.

<sup>14</sup> Gaya ng, kapag nakakakita ako ng mga maysakit; kung wala akong—kung wala akong damdamin para sa mga maysakit na 'yun, wala akong magagawa na mabuti sa kanila. Kinakailangan ko—kinakailangan kong magkaroon ng damdamin para sa kanila. At sa ganoon ding paraan sa inyo—sa inyo; kinakailangan ko—kinakailangan kong magkaroon ng damdamin para sa inyo, o kung hindi'y di ako maaaring maging kapatid n'yo. Kita n'yo? Kinakailangan kong—kinakailangan kong magkaroon ng damdamin para sa inyo. At, ginagawa ko 'yan; batid ng Diyos na totoo 'yan.

<sup>15</sup> At ngayon, sa gabing ito, ako'y maglalaan ng pananalangin para sa mga maysakit.

At nais kong. . .kalalakihan, at pagpalain ang mga kalalakihan na ito, haya't sina Kapatid na Collins, at Hickerson, si Kapatid na Neville, Kapatid na Capps, ang mga katiwala, at lahat na, dahil sa mainam na ulat na dumarating, tungkol sa kung papaanong maayos talaga, ang pagkakaayos ng iglesya, at kung papaanong ang lahat ay tumutugaygay sa tama nitong pagkakaposisyon. Lubos ang pasasalamat ko sa inyo na mga kalalakihan. Pagpalain kayo ng Panginoon dahil sa pagsusumikap na maipatupad ang kaayusan na 'yan. At mga liham at mga liham ang nakararating sa Tucson, sa akin, "Kapatid na Branham, hindi na tulad ng dati. Ibang-iba na, sadyang napaka pinagpalang pakiramdam ng Presensya ng Diyos." At ako'y—ako'y lubos ang pasasalamat para riyang. Pagpalain pa kayo ng Panginoon!

16 Tapos, ngayon, sa gabing ito, may binabasa ako rito sa Kasulatan sa isang munting dako, para—para maglatag marahil ng kaunting pananalita, para maipangusap at mabasa ang isang Kasulatan, at pagkatapos marahil ay ilan pang mga Kasulatan, tapos mangusap sa inyo nang kaunting sandali at pagkatapos ay mananalangin na para sa mga maysakit. Hindi naman ito matagal at pansumandali lang; binabantayan ko ang orasan, at sisikapin ko na gawin itong madalian sa abot ng makakaya ko. Pero iniisip ko na kapag may grupo ng mga tao na nagkakatipon-tipon, na hindi binabasa ang Salita o may bagay na ginagawa, na kaunting panghimok na pangangaral, ang pagtitipon nga ay di kumpleto.

17 Marami sa inyo ang naghintay. Marami sa inyo ang milya-milya pa ang lalakbayin ngayong gabi. Hanga po ako riyani! Mangyari nga na kapag tumitingin ako at nakikita ang bawat isa, at naiisip ang tungkol sa. . . Doon sa Arizona, naiisip ko, “Kapag makita ko siyang muli, lalapit ako at makikipagkamay at aakbayan siya sa may leeg.” At heto na kayo na nakaupo rito, at sino, saan kaya ako makakaumpisa, alam n’yo? Di ko alam kung sino ang uunahin, at alin. . . kung paano magpaalaman pagkatapos. Pero, opo, iniibig ko kayo. Iniibig kayo ng Diyos, din.

18 Ngayon sa tingin ko, kung di ako nagkakamali, kung di mali ’yung—’yung Kasulatan na binuklat ko rito, nais kong basahin ang Unang Mga Taga-Corinto, sa unang kabanata, sisimulan sa ika-18 talata, at babasahin din ang Ikalawang Mga Taga-Corinto 12:11, para kumuha ng teksto. Ngayon kung mahahanap ko ’yun nang madali, at pagkatapos ay babasahin natin, at pagkatapos ay mananalangin at magpapaumpisa na, haya’t mangungusap lang ako nang kaunting minuto tungkol sa isang munting paksa. Sa Unang Mga Taga-Corinto, sa unang kabanata, simula sa ika-18 talata.

*Sapagka’t ang salita ng krus ay kamangmangan sa kanila na nangapapahamak; nguni’t ito’y kapangyarihan ng Dios sa atin na nangaliligtas.*

*Sapagka’t nasusulat, Iwawalat ko ang karunungan ng marunong, at bibiguin ko ang pangunawa ng matatalino.*

*Saan naroon ang marunong? saan naroon ang eskriba? saan naroon ang mapagmatuwid sa sanglibutang ito? hindi бага ginawa ng Dios na kamangmangan ang karunungan ng sanglibutan?*

Maaari ko bang sipiin ’yun uli? “Hindi бага ginawa ng Diyos na kamangmangan ang karunungan ng sanlibutan?” Kung ganoon ano ang karunungan ng sanlibutang ito? Kamangmangan.

*... hindi бага ginawa ng Dios na kamangmangan ang karunungan ng sanglibutan?*

*Sapagka't yamang sa karunungan ng Dios ay hindi nakilala ng sanglibutan ang Dios sa pamamagitan ng kaniyang karunungan, bagkus kinalugdan ng Dios sa pamamagitan ng kamangmangan ng pangangaral na iligtas sila na mga nagsisipanampalataya.*

Maaari ko bang basahin uli ang talata na 'yun? Pakinggan n'yong maigi.

*Sapagka't yamang sa karunungan ng Dios ay hindi nakilala ng sanglibutan ang Dios sa pamamagitan ng kaniyang karunungan, ay kinalugdan ng Dios sa pamamagitan ng kamangmangan ng pangangaral na iligtas sila na mga nagsisipanampalataya.*

*Ang mga Judio nga ay nagsisihingi ng mga tanda, . . . ang mga Griego ay nagsisihanap ng karunungan:*

*Datapuwa't ang aming ipinangaral ay ang Cristo na napako sa krus, na sa mga Judio ay katititsuran, . . . sa mga Gentil ay kamangmangan;*

*Nguni't sa kanila na mga tinawag, maging Judio at Griego, si Cristo ang kapangyarihan ng Dios, at ang karunungan ng Dios.*

*Sapagka't ang kamangmangan ng Dios ay lalong marinong kay sa tao; at ang kahinaan ng Dios ay lalong malakas kay sa tao.*

<sup>19</sup> At sa Ikalawang Mga Taga-Corinto sa ika-12 kabanata, sa ika-11 talata, nangungusap si Pablo.

*Ako'y naging mangmang; pinilit ninyo ako: ako sana'y dapat ninyong purihin: sapagka't sa anoman ay hindi ako naging huli sa lubhang mga dakilang apostol, bagaman ako'y walang kabuluhan.*

<sup>20</sup> Manalangin tayo. Panginoong Jesus, Ikaw po ang magdagdag sa kaunting mga pananalita na ito, ngayong gabi, na ipinangusap na sa mga panahong nagdaan, ng dakilang apostol Pablo, nang sa gayon ay sumagana kami sa pakikinig sa mga ito ngayong gabi, sa pagsasakatuparan ng mga ito sa aming mga buhay, nang sa gayon kami'y maging—maging gawa ng Diyos, na ginawa sa anyo na pinili Niya para aming paglagakan. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>21</sup> Mangangaral ako ngayong gabi nang ilang minuto, loobin ng Panginoon, tungkol sa paksang: *Ang Kakatwang Tao*. Ngayon, napakagaspang, na tahasang teksto ito bilang pamagat, pero 'yan, sa palagay ko, ay nagpapahayag nang humigit-kumulang ang paraan na nais kong sabihin ito.

<sup>22</sup> Alam n'yo, napakaraming bagay, sa panahon ngayon, na ang mga tao'y nagiging *mga kakatwa*, gaya ng tawag natin dito. At 'yang pananalita na 'yan, kung mayroon dito na di pa 'yan naririnig, ang ibig sabihin nito'y isang tao na "di-karaniwan," isang tao na "kakatwa" sa ibang tao. At di nga mapapasubalian na anupa't marami sa atin ang kakatwa, para sa isa't isa.

<sup>23</sup> At, ngayon, naglalakad ako minsan sa Los Angeles, California, at nakakita ako ng isang napaka kakatwang tao, ang kilos niya ay kakaiba. At palakad-lakad siya sa kalsada, hindi nagprotesta, pero siya nga'y para bang naglalakad-lakad lang noong hapon na 'yun. At nagpunta ako sa kabilang panig ng kalsada, para makita kung anong ginagawa niya. Ang lahat nga'y napapaligon, at natatawa sa kanya, dahil kakatwa ang kanyang ikinikilos.

Napansin ko na may karatula siya na nakasabit sa harapan niya. At naisip kong tingnan kung ano ang itinatawa ng lahat tungkol dito, sa kakaiba't, kakatwang lalaki na ito. At mangyari nga na siya . . . Napansin ko siya habang napapatingin sa kanya ang mga tao, sila nga'y nagtatawa sa kanya, tapos—tapos, pero mukha ngang kakaiba 'yung ngiti niya, isang ngiti ng kakuntuhan. Yung ibang ngiti na ibinibigay ng mga tao sa kanya'y para bang ngiti ng pangungutya sa kanya, pero mukha namang masaya siya sa bagay na ginagawa niya.

<sup>24</sup> Buweno, napakalaking bagay nga nun para pagbulayan, kapag ang isang tao'y masaya sa bagay na ginagawa niya na tama. Gayong siya'y isang kakatwa sa iba, kung siya naman ay masaya na ang ginagawa niya ay tama, kung ganoon ay hayaan n'yo siya roon.

Tapos sa paglapit ko sa munting lalaki na 'yun, napansin ko sa . . . nakalagay sa dibdib niya rito, may isang plakard o isang karatula, na may nakasulat, "Isa akong hibang," at sa ilalim, ang nakalagay, "kay Cristo." "Isa akong hibang," malalaking letra mismo; tapos sa ilalim, ang nakalagay, "kay Cristo." At tinatawanan ito ng lahat.

<sup>25</sup> At habang dumadaan 'yung munting lalaki na 'yun sa madla na 'yun na panay pangungutya't kung anu-ano pa, bumaling ako para tingnan kung ano 'yung nasa likod niya. At may malaki mismong tandang pananong sa kanyang likod, at sa ilalim lang nun, ang nakalagay, "Ngayon kanino naman kayo hibang?"

<sup>26</sup> Buweno, naisip ko—naisip ko may punto nga siya roon, kita n'yo, anupa't tila ba kuntento siya na siya'y hibang para kay Cristo. At 'yun ang sinabi ni Pablo na siya'y naging, "isang mangmang" para kay Cristo.

<sup>27</sup> Si Kapatid na Troy, ng Full Gospel Business Men, na isang napakainam na kaibigan ko, isa siyang—siyang taga-tadtad ng karne. At nakakuha siya ng kung anong uri ng mikrobyo sa kanyang kamay, mula sa pagtatadtad ng karneng-baboy isang

beses. May lalaki na nakakaalam, o babae, na nakakaalam kung anong mikrobyo 'yun; pero kakainin ka nga nito—nito. Kaya, para mailigtas ang buhay niya, kinailangan nila na—na putulin ang tatlong daliri. At dalawa na lang ang daliri niya sa isang kamay, pero sa kabila nun nananatili pa rin siyang magkakatay.

<sup>28</sup> At may munting Aleman na nagtratrabaho kasama niya sa isang—isag tadtaran ng karne, doon sa Los Angeles, na kanya—kanya ngang sinisikap na maakay ang munting Olandes kay Cristo. At sinasabi nito na siya'y isang "Lut'eran," at ayos na siya roon. Masaya na siya na Cristiano siya, dahil sa kabilang siya sa "Lut'eran" na iglesya, gaya ng pagkakabanggit niya nito. Mangyari nga na isang gabi nagkaroon si Kapatid na Troy ng pribilehiyo na mapadalo siya sa iglesya.

<sup>29</sup> Ang pangalan niya ay Henry. At ang Henry, sa Aleman, ay "Heinrich," at kaya ang tawag nila sa kanya ay "Heini." Narinig n'yo na ang palayaw na 'yun. Sabi niya, "Heini, ano kaya kung sumama ka sa akin sa simbahan ngayong gabi?"

<sup>30</sup> "Buweno," ang sabi niya, "sige ba't sasama ako." Kaya nakadalo siya roon sa isang makalumang pagtitipon kung saan nagdadaos sila roon ng isang pagtitipon para sa pananalangin, at ang lalaking ito'y naantig nang husto, at ibinigay ang kanyang puso kay Cristo.

Oh, noong sumunod na araw nga, ang munting Olandes na ito'y masayang-masaya. Bigla-bigla na lang siyang lalakad-lakad dun sa gusali, na ang kanyang mga kamay ay nakataas sa ere, habang sinasabi, "Sa Diyos ang papuri! Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus!" at lahat tuloy ay nakapansin sa kanya, lahat sila.

<sup>31</sup> Kita n'yo, naging kakatwa siya roon sa buong hanay roon ng mga taga-tadtad ng karne. Haya't maghihiwa siya ng karne, at bigla na lang niyang maiisip ang tungkol sa Panginoon, at bigla na lang siyang maiiyak. Ilalapag niya ang kutsilyo niya, at maglalakad nang paroo't parito sa mga pasilyo, na hindi isteriko, kundi sadyang ipinapahiwatig ang pag-ibig niya kay Cristo, na sinasabi, "Oh, ganoon na lamang Kitang iniibig, 'Yesus!'" Alam n'yo na, lalakad dun nang paroo't parito.

<sup>32</sup> At dumating ang amo at nakita siya na ginagawa ito, na haya't palakad-lakad siya roon, na umiiyak. Mangyari nga, na 'yung boss, hindi niya napansin 'yung boss; ang laman lang kasi ng isip niya'y si Jesus. At lumakad nga siya roon, na ang mga kamay ay nakataas sa ere, at may mga luhang tumutulo sa kanyang mga pisngi, na sinasabi, "Oh Diyos, iniibig Kita nang lubos!"

At ang sabi ng amo, "Heini, ano bang nangyayari sa'yo?" Sabi pa, "Ang lahat dito sa—sa buong hanay ay nagbubulong-bulong na tungkol dito. Ano bang nangyayari sa'yo, Heini?"



<sup>33</sup> Ang sabi nung munting Olandes, “Oh, boss!” Sabi niya, “Luwalhatiin ang Diyos, naligtas ako!”

Sabi nito, “Ikaw ay naano?”

Sabi niya, “Ako’y naligtas!” Sabi niya, “Nagpunta ako kina Kapatid na Troy rito sa isang maliit na pagmimisyon, at ako’y—ako’y naligtas. Haya’t dumating si Jesus sa aking puso, at ako’y punung-puno ng pag-ibig!”

Ang sabi niya, “Siguradong nakapunta ka sa mga sambunton ng mga tuwerka.”

<sup>34</sup> Sabi niya, “Oo!” Sabi, “Luwalhatiin ang Diyos!” Sabi, “Salamat sa Diyos sa mga tuwerka na ’yun!” Sabi niya, “Alam mo, ipagpahalimbawa mo na lang ang isang sasakyan na bumabagtas dun sa kalsada, at tanggalin mo ang lahat ng tuwerka nun, wala ka nang anumang natira kundi sambunton na lang ng ‘basura!’”

<sup>35</sup> Buweno, di ko lang alam pero ang munting Olandes na ’yun ay tama talaga. Aalisin ang lahat ng tuwerka? Yung mga tuwerka ang humahawak sa lahat ng ’yun para di magiba. At sa palagay ko ’yun ang humahawak sa iglesya na maglakip-lakip, humahawak sa sibilisasyon para di gumuho.

<sup>36</sup> Ngayon, pagkagaling ko sa pagbisita sa Prescott, mga ilang araw ang nakararaan, nakamasid ako roon sa disyerto at napansin ko kung papaanong mula sa Phoenix ay may Japanese Gardens sila roon, at may mga bulaklak sila roon, magagandang bulaklak. Sa dako, na noong binatilyo pa ako roon, doon ako nagpapastol ng mga baka sa mga dakong ’yun. Yung mga baka, dahil walang damo, hayan nga na nabubuhay sila sa cactus, mga gisantes, at kung ano pa.

<sup>37</sup> At pagkatapos napansin ko na may—may reproduksyon na ginagawa dun sa disyerto. At dun sa disyerto makikita natin dun, ang mga cactus at mga bulaklak. At sa tahanan ko nga roon, o sa bahay na nirerentahan namin; si Kapatid na babaing Larson, sa palagay ko nandito siya kaninang umaga, nakita ko siya. At may taniman siya ng bulaklak sa labas lang ng—ng bahay; may kaunting bahagi na lupa roon. Ang lahat kasi roon ay buhangin, kaya mayroon siyang kaunting lupa sa isang malaking taniman ng bulaklak sa magkabilang gilid nung duplex. At kada umaga ako nga’y bumabangon para diligan ang mga bulaklak na ’yun. Kung di ko didiligan ang mga ’yun, mamamatay sila. At sila . . . At pagkatapos, mangyari nga rin, na kinakailangan kong kumuha ng spray at wisikan ng spray ang mga ’yun, para di dapuan ng insekto; kakainin kasi sila ng mga kulisap.

<sup>38</sup> At mangyari naman na kaunting layo lang mula roon, tatlumpung talampakan mula roon, may mga bulaklak na tumutubo, at doon mismo sa disyerto sila tumutubo. At kung huhukay ka nga pailalim nang dalawampung talampakan ay haya’t parang pulbura ’yun doon; wala ngang naroon kundi

alikalabok, at wala maski tubig. At sino ang nagwiwisik ng spray sa kanila? Kita n'yo?

Ito namang mga narito sa taniman ng bulaklak, makalingat ka lang na wisikan sila ng spray o diligan sila, 'yung mga anay o 'yung mga kulisap, mga insekto, ay kakainin sila. Pero di nga masaling nung insekto 'yung isa na naroon sa disyerto, at di nga rin ito kinakailangang pamihasain gaya ng isang sanggol na didiligan araw-araw; siya'y isang produkto mismo ng Manlilikha. Itong isa rito'y hybrid na kopya lamang.

<sup>39</sup> At sa tingin ko riyan, sa panahon ngayon, ang dahilan kung bakit ang Cristianismo, sa mga tao, ay mistulang naging hibang; ay dahil sa sambunton natin ng mga kopya't di tunay na mga Cristiano, sambunton na pinamimihasa na parang sanggol at kailangan pang wisikan ng spray, at para mapanatili lang sila sa loob ng simbahan.

<sup>40</sup> Nakikinita ko nga ang pinaka unang Iglesya, kung ano sila noon, at kung ikukumpara sila sa reproduksyon na narito sa panahon na ito. Ito nga'y mahinang klase na kopya ng kung ano ang tunay na unang Iglesya, 'yung matitibay na mga mananampalataya sa Diyos, na may Espiritu Santo. Hindi n'yo nga sila kailangang pamihasain na parang sanggol. Hindi n'yo sila kailangang tapik-tapikin at sabihan sila na dadalhin n'yo sila sa isang ito *rito*; at kung mapagod sila sa isang 'yun dun, maaari silang lumipat dun sa kabila naman; at gagawin n'yo pa silang diyakono kung lilipat sila rito at iiwan 'yung isa roon. Hybrid na kopya 'yan.

<sup>41</sup> Iniisip ko nga ang orihinal na pinta ni Michelangelo, sa palagay ko, 'yung "Ang Huling Hapunan." Sa palagay ko siya ang nagpinta nun. Alam n'yo ba kung magkano 'yung orihinal na pinta nun? Maski di mabilang na libo-libong dolyar, ay di nga kailanman maitutumbas dun sa orihinal na 'yun, dahil higit pa riyan ang presyo nun. Mataas na mataas ang halaga nun! Pero maaari kang bumili ng mumurahing kopya nun sa halagang dalawang dolyar.

<sup>42</sup> Yan ang dahilan kung bakit ang mga tao sa panahon ngayon ay di maintindihan ang tibay ng tunay, na totoong mga mananampalataya. Sila'y naging hibang. Alam n'yo, ang mundo nga'y nababalahaw nang husto na paminsan-minsan nga'y kinakailangan n'yo ng baliw para tuwirin ito. Kinakailangan ng isa na papasok sa eksena na medyo iba, at siya'y isang baliw sa tingin ng henerasyon na 'yun. Iniisip ko nga noong isang araw, sino kaya ang may kakayahan?

Sino sa panahon ngayon ang hindi isang baliw? Kayo'y baliw sa kung sino. Naniniwala ako na ang mundo'y ganap nang naging baliw. Alam n'yo ba na panahon ito na ang mga tao'y di makapagpasya sa pagitan ng tama at mali, o katotohanan o kamalian?

43 Alam n'yo ba na ang mga pulitiko'y di makapagpasya kung ano ang tama at mali? Makikita n'yo nga sila rito na tahimik sa pagboto na maibalik ang Biblia sa simbahan o sa . . . ang Biblia pabalik sa eskuwelahan? Hindi nila alam kung aling daan ba ang tatahakin ng pulitika na sasambulat ito. Isipin n'yo 'yun! Hindi ko lang alam ang lagay sa Indiana ngayon, pero sa estado ng Arizona ay labag na sa batas ang magbasa ng Biblia sa loob ng eskuwelahan. Sa palagay ko ganoon din sa Indiana, halos buong Estados Unidos na, dahil may ateistang babae ang nagrebisang nung buong programa. At, alalahanin n'yo, labag na sa batas na basahin ang Biblia sa mga pampubliko nating mga paaralan, pero 'yung buwis ng mga mananampalataya ang tumataguyod sa kawalan ng pananampalataya na ito na maituro sa eskuwelahan.

44 Pulitika. Kailangan natin ng panibagong Abraham Lincoln. Kailangan natin ng panibagong Patrick Henry. Kailangan natin ng isang Amerikano na makatitindig na di alintana ang pulitika, at tawagin ang tama, “na tama,” at ang mali, “na mali.”

45 Alam n'yo ba na ang mga mangangaral sa panahon ngayon ay di makahatol kung alin ang tama, ang Salita ba ng Diyos o ang iglesyang denominasyon? Hindi nila alam kung aling daan ang dapat tahakin. Hindi sila makapagpasya sa pagitan ng tama at mali. “Alam ko na sinasabi naman ng Biblia ang ganito, pero sinasabi ng aming iglesya . . .” Kita n'yo, walang kakayahan ang mga tao na pagpasyahan ang tama sa mali. At anumang bagay na kontra sa Biblia ay mali. Ang Salita ng Diyos ang tama, at bawat salita ng tao'y kasinungalingan, 'yun nga'y salungat Dito. At ang sikapin na makatindig ngayon sa isang—isang—isang panahon na gaya nito, at ang tumindig sa bagay na tama, kayo nga'y nagiging isang baliw.

Magbanggit tayo ng ilang tauhan.

46 Naisip ko ang propetang Noe, noong dakilang panahon na kinabubuhayan niya; noong dakilang kapanahunan ng siyensiya kung saan nakapagtayo sila ng mga piramide't mga sphinx, kung saan mapapatunayan nila na walang tubig sa himpapawid, sa pamamagitan ng siyentipikong pananaliksik. Heto nga na dumating sa eksena ang isang matandang lalaki roon, at nagsabi, “May parating na ulan mula sa kalangitan.” Si Noe'y isang baliw para sa henerasyon na 'yun. Siya'y naging baliw.

47 Isipin natin si Moises. Si Moises, noong magtungo siya kay Faraon, gaya ng ipinangusap natin kaninang umaga, haya't nagtungo si Moises kay Faraon, at nagsabi, “Ipinadala ako ng Diyos dito para dalhin palabas ang mga alipin,” hawak-hawak ang isang tungkod sa kanyang kamay, laban sa napakalakas na hukbo na sumakop sa buong mundo. Si Faraon, sa lahat ng siyentipikong pagkadalubhasa niya, naisip nito na si Moises ay isang baliw. At, siya'y isang baliw, sa kanila.

48 Nakikinita ko ang propetang Elias, noong dakilang panahon niya, noong kabigha-bighaning panahon ng moda; noong pinagaharian nina Ahab at Jezebel ang mundo, gaya nga nun, noong mga panahon na 'yun; at hayan ang lahat ng moda't mga bagay-bagay na nais suotin ni Jezebel, at kung papaanong ibinunsod niya ang lahat ng mga kababaihan na magbihis nang kagaya niya, at ang mga kolorete niya, at kung anu-ano pa, kanyang mga moda, 'yung paraan na inaayusan niya ang sarili niya. At noong may matandang baliw, gaya ni Elias, na dumating dun sa eksena at kinontra ang buong bansa; para kay Ahab, isa siyang baliw. Siyanga.

49 Si Amos, ang propeta, noong magpunta siya ng Samaria noong panahon na ang Samaria ay kagaya nga mismo ng Hollywood sa panahon ngayon, na ang mga kababaihan ay nasa kalsada, grabe ang pananamit, at sinamahan pa ng hayagang pangangalunya, hindi sila maawat at ganoon ang pamumuhay nila roon, na hinahayaan lang ang mga kalalakhian. . .

50 Halos hayagang pangangalunya ito sa publiko, sa panahon ngayon, sa mismong harapan ninyo. Nagpunta ako sa isang lugar isang gabi, bibili ako ng makakain, at 'yung mga kabataang lalaki't mga kabataang babae'y nagyayakapan at naghahalikan na gaya ng di ko alam.

At alam n'yo ba, munti kong kapatid na babae, 'yan nga'y potensyal na pangangalunya? Kapag hinalikan ka ng isang lalaki, siya'y potensyal nang nangalunya sa iyo. At hindi n'yo dapat siyang pahintulutan na mahalikan ka hanggang sa kasal na kayo, dahil 'yung mga glandula, 'yung kapwa panlalaki't pambabaing glandula, ay nasa mga labi. Nauunawaan n'yo ba? At kapag naglapat ang panlalaki't pambabaing glandula, saan man silipin, nakagawa ka na sa potensyal nang pangangalunya. At hindi n'yo dapat payagan na ang isang kabataang lalaki'y halikan kayo hanggang sa maiangat ang belo sa inyong mukha at kayo'y maging asawang babae niya. Huwag n'yong gawin 'yun! Pangangalunya 'yun. Pagsasama 'yun ng panlalaki't pambabaing glandula.

51 Bakit di maaaring halikan ng isang lalaki ang isang lalaki, o halikan ng isang babae ang isang babae, sa labi? Dahil di magkrukrus ang mga glandula. Ang mga bata'y ipinapanganak sa pamamagitan ng pagkrukrus ng mga glandula.

Kaya halos hayagang pangangalunya ito sa publiko muli, sa lahat ng dako. Tingnan n'yo ang mga palabas at lahat ng makikita n'yo, haya't—haya't nagpapalitan ng laway at kung anu-ano—kung anu-ano mismo ang ginagawa. Hindi na nga nakapagtataka na—na bumubulusok pataas ang imoralidad! Papaanong naatim nila ito, at inuudyukan pa ang mga sarili na humalik sa kababaihan sa bibig, yamang nalalaman na

pangangalunya 'yun! Hindi 'yan patatawarin ng Diyos maliban na kayo'y magsisi.

<sup>52</sup> At ngayon, dumako nga roon, itong dakilang propetang, Amos. Kilala siya bilang isa sa maiikling propeta dahil walang masyadong naisulat tungkol sa kanya, pero taglay nga niya ang Salita ng Panginoon. At tumanaw siya roon sa siyudad, ang lahat nga'y. . . Doon sa mga liwasan, ang mga kalalakihan ay nakaupo na nakayakap ang mga bisig sa mga kababaihan, at 'yung mga kababaihan ay ganoon din ang kanilang mga bisig sa mga kalalakihan, sadyang modernong Hollywood nga! At naglakad-lakad siya sa siyudad na 'yun, at nagsabi, "Mangagsisi kayo o mapapahamak!" Isa siyang baliw. Halos ideklara niya ang kanyang sarili na baliw, sa kanila.

<sup>53</sup> Si Juan Bautista, noong dumating siya sa eksena, sa mga denominasyong relihiyon noong panahon na 'yun, siya'y isang baliw. Nagkaroon siya ng oportunidad para maging isang saserdote, na sumunod sa yapak ng kanyang tatay. Pero tumanggi siyang gawin ito, dahil iningatan siya ng Diyos mula sa mga kredo't mga denominasyon na 'yun, dahil ang trabaho niya'y lubos mismong mahalaga. Iaanunsyo niya ang pagdating ng Mesiyas. At noong panahon na wala na siyang kinalaman sa Fariseo, Saduceo, o anuman dun, haya't kanyang tinanggihan ang buong grupo nila, at nagsabi, "Huwag na huwag n'yong masasabi, 'Mayroon kaming Abraham na aming magulang,' dahil sinasabi ko na ang Diyos ay may kakayahan na magpausbong mula sa mga bato na ito ng mga anak kay Abraham." Sa—sa daigdig ng relihiyon noong panahon niya, siya'y isang baliw. Tama.

<sup>54</sup> Noong dumating si Jesus sa eksena. Sa mga tao ng relihiyon noong panahon Niya, Siya'y isang baliw. Dahil, ang sabi nila, "Isa kang Samaritano. Wala Ka sa tamang pag-iisip Mo. Isa Kang haling," sa madaling salita, "isa kang baliw." Ganoon Siya, para sa mga taong ito, ang inyong Panginoon at Tagapagligtas.

Hindi nga nakapagtataka, si Pablo, na sinanay ni Gamaliel para maging isang saserdote, na may oportunidad na balang araw ay maging isang punong saserdote. At doon sa daan niya patungong Damasco, siya'y pinasubasob nung isang sobrenatural na Liwanag. At tumingala siya, yamang isang Judio, haya't alam niya na ang Haliging Apoy na 'yun ang nanguna noon sa kanyang bayan. Ang sabi niya, "Panginoon, Sino Ka baga?"

At ang sabi Niya, "Ako si Jesus."

<sup>55</sup> At noong iwaglit niya ang edukasyon niya, iwinaglit niya ang lahat na teolohiya niya na matagal niyang pinagsanayan sa mga eskuwelahan, at naging isang ordinaryong, mangangaral sa lansangan, siya'y naging isang baliw. Ang sabi niya, "Ako'y naging mangmang."

<sup>56</sup> At iniisip ng mga tao na haling siya, wala siya sa sarili. Sinabi niya kay Festus, “Hindi ako haling.” Nakikilala lamang niya ang Panginoon. Pero ang makilala ang Panginoon sa isang grupo ng relihiyon. . .

Umaasa ako na di n’yo ito mapalampas. Ang makilala si Jesus, sa panahon na ito, sa gitna ng grupo ng relihiyon, isa kayong baliw. Hindi nga ito nagbabago. Makakapamalagi nga ako rito nang matagal, pero nais kong—nais kong bilisan na para sa pila para sa pananalangin.

<sup>57</sup> Si Martin Luther, ang munting paring Aleman, dala-dala niya ang komunyon isang araw, itinapon niya ’yun sa hagdan, at nagsabi, “Hindi ito ang katawan ni Jesus Cristo. Tinapay lang ito na ginawa roon sa likod.” At dineklara niya, na, “Ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya.” Isa siyang baliw, sa iglesyang Katoliko. Magagawa nga nilang ipapatay siya dahil dun, pero, siya’y isang baliw, at pinabayaan lang nila siya. Anupa’t, naging baliw siya, sa henerasyon na ’yun.

<sup>58</sup> Si John Wesley, noong mga araw na ’yun ng malawakang imoral na panahon ng Inglatera. Panahon, na kung ang rebaybal ni Wesley ay di dumating sa eksena. . . Ang buong mundo noon ay salaulang-salaula, may imoralidad sa lahat ng dako. At masyadong napalayo nang husto ang iglesyang Anglican na wala nang rebaybal; grabeng kaisipan na Calvinist! At dumating si John Wesley sa eksena, dala ang—ang Salita ng pagpapaging banal, nilinis ang imoralidad. Siya’y naging isang baliw.

<sup>59</sup> Sisipiin ko si G. Wesley, minsan, sa kanyang aklat. Naglalakad siya sa isang lansangan, at may isang lalaki ng iglesya ng Inglatera. . . Iniisip nilang lahat na baliw siya, mangyari nga na humarang itong lalaki sa lansangan. Si G. Wesley ay isang maliit na lalaki. Itong malaking lalaking ito’y iniisip na basta na lang niya siya tatampalin, kaya humarang siya roon sa lansangan. Lumakad si G. Wesley at nagsabi, “Pasintabi po, ginoo, maaari ka bang tumabi sa daraanan? Nagmamadali ako.”

At ang sabi nung Anglican sa kanya, “Hindi ako tumatabi sa daan para sa isang baliw.”

<sup>60</sup> Magalang na inangat ni G. Wesley ang kanyang sumbrero, siya na lang ’yung umiwas sa lalaki; ang sabi, “Ginagawa ko ’yun sa tuwina.” Kaya, nakita n’yo, hayun ang isa na baliw; ang isa’y para kay Cristo; ang isa nama’y para sa iglesya.

Kaya, kayo’y baliw para sa kung kaninong tao, mangyari nga.

<sup>61</sup> Noong dumating ang mga Pentecostal sa eksena, limampung taon ang nakararaan, ang sabi nila, “Ang mga taong ito’y hibang!” Mga baliw sila, ganoon nga, dahil kinondena nila ang lahat ng kabulukan na naroon sa mga kapanahunan ng iglesya noong panahon na pumasok sila sa eksena.

Pero anong ginawa ng mga Pentecostal pagkatapos? Haya't bumalik sa suka na kanilang sinuka noon, bumalik sa kabulukan ng denominasyon. Alam n'yo ba? Panahon na para sa panibagong baliw. Oo. Panahon na para sa panibago. Tama nga.

<sup>62</sup> Pansinin n'yo, ang isang tuwerka, bago magkaroon ng tuwerka, mayroong turnilyo para iakma dun sa tuwerka. At ang tuwerka na 'yun ay nakaroska sa turnilyong 'yun; kung hindi, hindi 'yun akma. Pansinin. Lahat ng nakaroska, noong panahon ni—ni Noe, nakaroska sa Ebanghelyong mensahe; si Noe, na isang tuwerka, hinatak sila papasok sa daong. Nakadepende 'yan sa kung ano ang roska n'yo, kung sa ano kayo nakaroska. Kung kayo'y nakaroska sa sanlibutan, hahatakin nila kayo. Kung kayo'y nakaroska sa Salita, hahatakin kayo Nito. Nakadepende sa kung saan kayo nakaroska, kung anong tuwerka ang akma sa inyo.

<sup>63</sup> Pero si Noe, yamang isang tuwerka sa Salita ng Diyos, isang baliw sa siyentipikong kapanahunan at sa panahon ng relihiyon na kinabubuhayan niya, hinatak niya sila, na mga maliligtas, papasok sa daong. Amen. Yaong mga predestinado, ang turnilyo na ginawa bago 'yung tuwerka. Ang turnilyo'y kailangang nakaroska dun sa tuwerka.

<sup>64</sup> Mangyari rin, na si Satanas, mayroon din siyang mga turnilyo't mga tuwerka, hayan nga, mga turnilyo't mga tuwerka ng mga kaharian ng mundong ito.

Si Faraon nga'y ganoon din noon kabaliw kay Noe, o kay Moises, kung papaano si Moises kay Faraon. Si Faraon, sa lahat ng kanyang siyentipikong mga pakana, ay hinila ang kanyang bansa papalapit sa kanyang sarili. Si Noe, sa pagiging tuwerka para sa Diyos, kanyang hinatak ang iglesya patungo sa ipinangakong lupain. Nakadepende nga kung saan kayo nakaroska. Hinatak niya ang iglesya palabas ng Egipto; gaya ng kung papaanong hinatak ni Noe ang iglesya palayo ng mundo, papasok sa daong. Hinatak ni Moises ang iglesya mula sa Egipto, patungo sa ipinangakong lupain.

<sup>65</sup> Ang sabi ni Jesus. Ngayon, mag-ingat kayo, kasi itong mga tuwerka't mga turnilyong ito'y magkakamukha. Masdan n'yo na lang ang roska. Mateo 24:24, ang sabi Niya, "Dadayain nito kung maaari ang mismong Hirang."

Ngayon, kailangan ng—ng Amerika at ng buong daigdig ng denominasyon ang isang tuwerka.

<sup>66</sup> Ang Methodist, ang Baptist, ang Presbyterian, kalat-kalat sila sa *ganito*, *ganoon*, at nagbabangayan nga ang lahat. At, kung tutuusin, nakaroska naman sila sa siya ring turnilyo. Haya't binigyan sila ng Diyos ng isang turnilyo, at pinadalhan sila ng isang tuwerka, ang Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesya. Hahatakin nga sila nito na magsama-sama. Ganoon nga. Tunay.

Hahatakin sila nito na magsama-sama, ng Pandaigdigang Konseho.

<sup>67</sup> Alam n'yo, umabot nga, dito di pa katagalan. . . Hindi nga maaaring mangyari ang anumang bagay, na ibubunsod, nang walang dahilan. Gusto ng mga kababaihan na hubarin ang kanilang mga damit. Gusto na nilang magsuot ng shorts. Gusto pa rin nilang kabilang sila sa iglesya. Gusto nilang magsuot nitong lahat ng mga 'kini, o anuman ang tawag n'yo sa mga ito. Gusto nilang gawin 'yun, at gusto pa rin nilang kabilang sila sa iglesya; gusto pa rin nilang makasigaw, makahiyaw, at makasayaw; sumamba, na anupa't isang uri 'yun ng pagsamba.

<sup>68</sup> Ngayon, kung may oras ako, patutunayan ko 'yun sa inyo. Pagsamba 'yan sa diyablo, 'yang pagsasayaw na gaya n'yan at gagawin ang lahat ng mga ito. Mapapatunayan ko sa inyo, nangyayari sa lupain ng mga hetano. Gusto nilang sumamba, at panatilihin ang kanilang patotoo at manatili pa rin sa simbahan. Kaya binigyan sila ng Diyos ng isang baliw, dalawa o tatlong ganito; ang isa'y ang pangalan ay Elvis Presley; ang isa'y, si Pat Boone, at Ernie Ford; nakakaawit ng mga himno't lahat na ng kung anu-ano pa, at nag-aangkin pa rin na isang Cristiano. Isa 'yung baliw. Hindi 'yun nakaroska sa Salita. Siyanga.

Ngayon, nabanggit ko na matatapos ako nang kalahating oras, at tapos na. Pero, pakinggan n'yo.

<sup>69</sup> Gusto ng sanlibutan ng isang baliw. Sinisigurado ng diyablo na makukuha nila ito. Sila'y nakaroska na nga para rito.

Pero, habang ang sanlibutan ay nakaroska para sa isang tuwerka, may mga tao na tinatawag na Nobya. Nakaroska, din. Kung gaanong katiyak na nakatayo ako rito, magpapadala ang Diyos sa kanila ng isang tuwerka na hahatak sa Nobya palayo mula sa kaguluhan na ito, patungo sa Presensya ng Diyos. Ito nga'y magiging isang tuwerkang nakaroska-sa-Salita.

<sup>70</sup> May kritiko, mga ilang araw pa lang ang nakararaan, ang sabi sa akin, doon sa Tucson. Ang sabi niya, "Alam mo, may mga tao na ang tingin sa'yo baliw, at 'yung iba nama'y ang tingin sa'yo ay diyos."

Sabi ko, "Buweno, ayos lang naman 'yan." Alam ko na sinusubukan niya akong punahin. Kita n'yo?

<sup>71</sup> Sabi niya, "May mga tao na ang tingin sa'yo ay diyos."

<sup>72</sup> Sabi ko, "Buweno, haya't. . ." Alam ko na di 'yun ginagawa ng mga tao. Pero alam ko—alam ko na di niya nauunawaan, dahil nandun siya sa kabilang panig ng balat, kita n'yo. Kaya alam ko na di niya nauunawaan, hindi niya ito alam. Kaya ang sabi ko, "Hindi 'yan ganoong kalayo sa Salita ng Diyos. Siyanga ba?"

Kita n'yo, haya't ipaalam lang sa kanya—ipaalam lang sa kanya na hindi tayo ligaw. Alam natin kung saan tayo nakatindig. Alam natin kung anong klaseng mga layag ang



inilagay natin, at anong klase ng hangin ang umiihip dito. Alam natin ang roska natin, at kung ano ang tuwerka natin. At alam natin kung paano tayo nakakapanindig.

Sabi ko, “Hindi ’yan kontra sa Salita ng Diyos, nang husto. Siyanga ba?” Sabi ko, “Alalahanin mo, noong ipinapadala ng Diyos si Moises sa mga anak ni Israel, pinaging diyos ng Diyos si Moises, ganoon nga; at pinaging, maging, si Aaron na kanyang kapatid, na isang propeta. Tama. ‘Lahat ng mga propeta,’ sabi ni Jesus, ‘ay mga diyos.’ Sila’y mga diyos; na mga kalalakihan.” Tama. Sa ganoong paraan ibig itong ipakahulugan ng Diyos.

<sup>73</sup> Pakinggan n’yo, ang Salita na ating ipinapangaral at ang salita na ipinangusap ko kaninang umaga, “Ang Diyos ay nakatago sa likod ng mga balat, ng mga balat ng pokang-badger, ang Diyos ay nakatago sa likod ng balat ng tao.” Kita n’yo? Ganoon nga ang ginawa Niya. Noong mahayag ang Diyos sa lupa, Siya’y nakatago sa likod ng isang tabing, sa likod ng balat ng isang Tao na nagngangalang Jesus. Nakatabing Siya’t nagtatago sa likod ng balat ng isang tao na nagngangalang Moises, at sila’y mga diyos, hindi mga Diyos; pero sila’y Diyos, ang isang Diyos na ’yun, na nagpapalit-palit ng Kanyang maskara, na ginagawa ang siya ring bagay sa bawat pagkakataon, na dinadala ang Salitang ito. Kita n’yo, pinaging ganoon ito ng Diyos. Alam Niya na ang taong ’yun ay kinakailangang makakita nung bagay na ’yun; naroon ’yun sa bawat isa sa atin na ipinanganak sa mundo.

<sup>74</sup> Gaya ng sinasabi ko sa inyo kaninang umaga, wala ngang dapat magtangka na sundan si Moises doon. Hindi nakikipag-ugnayan ang Diyos kailanman sa dalawa. Nakikipag-ugnayan Siya sa isa, sa tuwina. Walang dapat magtangka na gayahin si Moises. Kamatayan ’yun, natural na kamatayan, ang subukang gayahin siya, na tutungo roon sa Haliging Apoy na ’yun kasama siya. Kaya ang mga tao’y hindi lahat ginawang. . . Hindi kayo ginawa na maging ganoon, na sumuong sa sobrenatural na ’yun.

Pero ang Diyos ay kumuha ng ilan sa lupa para irepresenta Siya, bilang isang kinatawan mula sa Kanya. At ang kinatawan na ’yun ay itinalaga, ng Diyos, na sumuong sa dakilang di-batid na sobrenatural, at talusin, at magpalabas ng mga bagay na hindi kayang apuhapin ng natural na pag-iisip. Inilalabas nun ang hiwaga ng Diyos, paunang ipinapangusap ang mga bagay-bagay sa kasalukuyan, at ang mga bagay-bagay sa nakaraan, at mga bagay-bagay sa hinaharap. Ano ’yun? Ang Diyos, ang Diyos na nasa likod ng mga balat, balat ng tao. Ganoon nga mismo.

<sup>75</sup> Nakatira si Sam Connelly sa Tucson. Napunta siya rito isang beses, maraming taon na ang nakararaan, kasama si G. Kidd, at pinagaling; na may malaong ulcer nang maraming taon. Noong magpunta ako noong nakaraang taglagas, may—may bato si Sam na ’yung espesyalista roon, sa—sa Tucson, kanyang sinuri

ito. Kasing laki 'yun ng holen. Si Kapatid na Sam Connelly. . . Marami sa inyo ang nakakakilala sa kanya; taga-Ohio siya. At nagpunta siya sa doktor, at ang sabi niya, "Sam, maghanda ka sa susunod na sanlinggo; tatanggalin ko ang bato na 'yun," mga dalawang araw mula noon.

Sabi niya, "Maaari ko bang mailabas nang kusa ang bato, doktor?"

Sabi niya, "Impossible. Masyadong malaki ang bato."

<sup>76</sup> Kaya pinasakay niya siya sa kotse at hinatid pauwi. Tapos tumawag siya; sabi niya, "Nais ko pong magpunta ka rito at manalangin para sa akin, Kapatid na Branham." Bakit niya ako tinawagan para sa ganoon? At nagsimula akong manalangin para sa kanya.

<sup>77</sup> Sabi ko, "Sam, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, kusang lalabas ang bato na 'yan."

<sup>78</sup> At noong sumunod na umaga dinala niya 'yung bato sa doktor. Tapos sabi niya, sabi nung doktor, "G. Connelly, hindi ko maintindihan kung paano ito nangyari."

<sup>79</sup> Tapos ang sabi niya, "Isa akong mananampalataya sa Diyos, at ang Diyos ang nagpalabas nang kusa nung bato na 'yun para sa akin, inalis 'yun sa akin." Halos di nga makapaniwala 'yung lalaki, 'yung doktor. Kung papaano rin na di siya makapaniwala na 'yung malaking tumor ay nawala sa tagiliran ng maybahay ko. Alam n'yo na 'yung tungkol dun, kita n'yo. Kaya ang sabi nung doktor. . .

<sup>80</sup> Mga anim na buwan ang nakalipas, na mga tatlo. . . mga dalawang linggo ang nakararaan, o tatlong linggo ang nakararaan, hinaplit si Sam Connelly ng malubhang kondisyon sa puso. At di ko po alam ang tawag, parang coronary, o kung anong uri ng bara sa puso, o kung anuman 'yun. Napaka delikado nun. . . Hindi 'yun. . . Hindi ka makakaalpas dun, ang sabi nila. Isa 'yung atake sa puso, at nababarahan 'yung puso niya. At namaga 'yung mga biyas niya na umabot hanggang sa 'yung mga bukong-bukong niya'y mas malaki na kaysa sa binti niya, na umabot hanggang dito sa itaas sa palibot ng balakang niya. Kaya dinala nila siya sa doktor. Sabi ng doktor, "Iuwi n'yo siya, nang mahinahon, o dalhin sa ospital."

Ang sabi ni Sam, "Ayaw kong magpunta sa ospital!"

Sabi, "Iuwi n'yo siya at pahigain sa kama, at huwag n'yong galawin ang ulo, kamay, o paa, nang anim na buwan." Sabi, "Maaari ka kasing mamatay anumang minuto."

<sup>81</sup> Tapos tumawag si Kapatid na Norman. At nagpunta kami noong gabi na 'yun, para tingnan si Kapatid na Sam. At noong ipanalangin namin siya, haya't nangusap ang Panginoon.

Tapos noong sumunod na umaga, nagtungo si Sam sa opisina nung doktor, na 'yung mga paa ng pantalon niya'y nakalilis

pataas, nakatayo sa harap ng doktor, at nagsabi, “Tingnan mo ako, doktor!”

At sinailalim siya ng doktor sa electrical cardiogram, at ang sabi nito, “Hindi ko maintindihan.” Sabi, “Suriin mo pa.” Sabi niya, “Anong iglesya ka kaanib?”

Sabi niya, “Hindi ako kaanib sa anuman sa kanila.”

<sup>82</sup> Sabi niya “Hindi ka maaaring maging isang Cristiano na wala kang kinaaniban na mga denominasyon. Kailangan mo ‘yun.” Kita n’yo, ‘yun lang ang alam nung doktor. Si Sam ay isang hibang sa kanya. At siya’y mangmang din naman, kay Sam, sa pagtatanong ng ganoong tanong.

Pagkatapos anong nangyari? Bumaling si Sam, at ang sabi niya, “Ano kaya ang puwede kong sabihin sa kaninuman na magsasabi sa akin ng ganoong mga bagay, Kapatid na Branham?”

<sup>83</sup> “Sabihin mo sa kanya na ‘kabilang ka sa isa’t nag-iisang Iglesya.’ Hindi ka umaanib Dito. Hindi Ito isang denominasyon. Ikaw nga’y isinisilang Dito.”

<sup>84</sup> May isang munting ginang, mga anim na buwan na ang nakararaan, na nakasandal sa dibdib ni Kapatid na babaing Norman. Nakalimutan ko lang ang pangalan niya, isa ngang magandang munting babae na mga tatlung taong gulang. Siya at ang asawa niyang lalaki’y hiwalay na, at nagkaroon siya ng leukemia. At nandun siya sa kalagayan na ‘yun na di siya halos makagalaw-galaw. At humantong na naging malubha ito’t iniratay na siya ng mga doktor sa higaan. At binibisi-bisita siya ng mga doktor hanggang sa dumating ang oras. Tinaningan na nila siya hanggang sa kasunod na Miyerkules nun. Mamamatay na siya nung Miyerkules na ‘yun. At sa kung papaanong paraan ay napabangon siya ni Gng. Norman mula sa kinararatayan nito, at dinala siya roon, at inaalalayan siya para makaupo nang diretso sa isang upuan. At habang nakaupo ang munting babae roon, na umuugoy-ugoy, at malamlam nga siya; dilaw na dilaw ang balat, dahil sa kanser, leukemia.

Sabi ko, “Buweno, maaari kitang ipanalangin, kapatid na babae.”

Haya’t sinusubukan niyang magsalita, at may mga luha sa kanyang mga mata, ang sabi niya . . .

Sabi ko—sabi ko, “Isa ka bang Cristiano?”

Ang sabi niya, “Isa akong Methodist.”

Sabi ko, “Ang tinatanong ko—tinatanong ko sa’yo ay kung isa kang Cristiano.”

Tapos sabi niya, “Ang ibig mo bang sabihin ay kung kaanib ako sa iglesyang Cristiano?”

<sup>85</sup> Sabi ko, “Hindi, po. Ang ibig kong sabihin, kung ikaw ba’y ipinanganak ng Espiritu ng Diyos, at iniibig ang Panginoong Jesus?”

Ang sabi niya, “Buweno, matagal-tagal na akong kaanib sa iglesia.”

<sup>86</sup> Sabi ko, “Kung ipahihintulot ng Diyos na mabuhay ka, maaari ka bang bumalik sa akin at hayaan mong ipakita ko sa iyo ang pamamaraan ng Panginoon nang mas malinaw pa?”

Ang sabi niya, “Ipinapangako ko sa Diyos ang anuman, kung Kanyang pagbibigyan ang aking buhay. Ako’y maglilingkod sa Kanya.”

<sup>87</sup> Pagdaka may dumating na isang pangitain, ang sabi, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Huwag mo nang paghandaan; sirain mo na ’yang mga inihahanda mong mga kagamitan para sa kamatayan mo, isang araw pagkatapos ng bukas.” Sa Lunes ’yun, at siya’y mamamatay na ng Miyerkules. “Hindi ka mamamatay.”

Noong nakaraang Linggo, sanlinggo mula noong Linggo na ’yun, naupo ako kasama siya sa isang silid. Nadagdagan siya ng mga tatlumpu’t ilang libra; sinabi ng doktor na wala nang maski isang bakas ng leukemia na matatagpuan sa kung saan. At nagnanais siyang makaalam; at ipinadala ko siya para mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa isang bambang na irigasyon, sa paraan ng Panginoon. Marahil isang kahibangan, pero, “Kung Ako’y maitaas, Ako’y magpapalapit ng lahat na mga tao tungo sa Akin.”

<sup>88</sup> Bumisita ako, sa lalaki na gumagawa ng teyp dati rito, si Leo Mercier. Nakatira siya sa isang trailer. At nananalangin ako noon para sa ilang tao. At nanalangin ako para sa isang munting binibini na ang pangalan ay Lokar, sa pagkakaalam ko. At naoperahan na siya sa kanser nang labing-apat na beses na, at sinukuan na siya ng mga doktor para mamatay. At ipinanalangin siya, at sinabi sa kanya na hindi siya mamamatay, na anupa’t mabubuhay siya. At wala nga maski anumang bahid nun kung saan. At dahil dun, dalawampu’t walo sa kanyang pamilya na nakatayo roon, ang naligtas at napuspos ng Espiritu Santo. Marahil isang kamangmangan, pero nagpalapit nga ’yun ng lahat na mga tao patungo sa Kanya, na mga lalapit. Nakaroska ’yun sa Salita. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin?

<sup>89</sup> May natanggap akong liham, noong isang araw bago ’yung kahapon, na nakasalansan kasama ’yung ibang mga liham. Noong nakaraang taglagas, habang ako’y nasa lakad para sa pangangaso. . . o, noong nakaraang tagsibol, noong nakaraang taon ito. May binatilyong Indian na nagngangalang Oscar, na nakasama namin sa pangangaso sa may daang-bayan doon; doon nga ’yung Anghel ng Panginoon, na naikuwento ko na sa inyo, sa kabila rito, na magdadala nung usang-caribou at—at ’yung

silver-tip na osong grizzly. Lahat kayo'y naaalala 'yun. Mangyari nga na 'yung binatilyo, noong lumakad ako papalapit . . . Noong lumakad siya papalapit sa tolda, noong nakaraang tagsibol. At noong hilingin ni Bud na ako'y manalangin ng pagpapala, (nakahubad 'yung mga guwantes niya; nakasakay siya sa kabayo noon), isinuot niya 'yung mga guwantes at handa na siyang lumabas noon. Isa siyang Katoliko. Wala nga siyang anumang kinalaman Dito.

<sup>90</sup> Noong nakaraang taglagas, noong siya, nakatayo sa tabi ko . . . Noong 'yung nanay niya sa loob doon, ay mamamatay na noon dahil sa atake sa puso, ang sabi niya, "Maari ka bang pumasok at ipanalangin siya?" Nagtungo nga ako sa loob nung munting kubo ng mga Indian doon. At doon, lahat sila'y nakapalibot sa nanay na ito, at mamamatay na siya noon, hindi siya makapagsalita maski isang salitang Ingles. At bumaba ang Espiritu Santo at sinabi sa nanay, sa pamamagitan ng isang interpreter, 'yung anak niyang babae, kung ano ang nangyari, na nangyari mismo. Sinabi mismo ang pangalan niya, at sinabi sa kanya kung ano siya, at sa kung anong tribo siya nagmula, at kung papaano mangyayari ang bagay na ito. At 'yung nanay ay agad-agad gumaling.

<sup>91</sup> Tapos noong sumunod na umaga noong bumalik ako para makipagkita sa kanila, sakay-sakay ako noon sa kabayo, pabalik ako nang apatnapung milya para sa tupa, naroon nga sila na nakaupo lahat dun, ang nanay nga'y . . . sumakay pa ng kabayo para bumalik para magpatuyo ng karne ng moose. Tapos sabi ko, "Kagabi noong manalangin ako, ang sabi ko, "Ama namin na nasa Langit." Sabi ko, "Louise, aking—aking . . . Isang Katolikong panalangin. Sinimulan n'yong lahat, at pagkatapos, hayan nga, iniwan ko kayo." Tapos sabi ko, "Ngayon bumalik lang ako para pasalamatang ang Diyos. Hindi tayo umuusal ng panalangin; nananalangin tayo."

<sup>92</sup> Sabi niya, "Hindi na kami Katoliko." Sabi niya, "Naniniwala na kami gaya ng paniniwala mo. Nais namin na isama mo kaming lahat at mabautismuha kami sa paraan ng pagbabautismo mo. Nais namin ng Espiritu Santo."

<sup>93</sup> Doon sa biyahe pabalik . . . Naiwala nung binatilyo 'yung mga kabayo niya, buwan bago 'yun, na hindi niya mahagilap ang mga 'yun. Haya't pinapagalitan siya nung giya, sabi, "Oscar, alam mo naman na dapat di mo pinabayaan 'yung mga kabayo nang ganoon. Yung mga oso, napakarami pa namang mga grizzly, na kakainin 'yung mga kabayo sa panahon na ito."

At nanatili siyang nakatayo sa tabi ko. Tapos sabi niya, isang gabi, ang sabi niya, "May itatanong ako sa'yong isang bagay?"

Ang sabi ko, "Sige."

Sabi, "Kapatid na Branham, manalangin ka po sa Diyos. Ibalik ng Diyos sa akin ang mga kabayo ko."

Sabi ko, “Pero sabi ni Bud kinain na sila ng oso.”

Sabi, “Kapatid na Branham, hilingin mo sa Diyos. Ibalik ng Diyos kay Oscar ang kanyang mga kabayo.”

Sabi ko, “Naniniwala ka bang magkakaganoon, Oscar?”

Sabi niya, “Naniniwala ako. Pinagaling na ng Diyos ang nanay ko. Sinabi rin sa iyo ng Diyos kung nasaan ang oso, kung nasaan 'yung mapapangaso. Ang Diyos na 'yun, na nalalaman kung nasaan ang mapapangaso, ay alam din kung nasaan ang mga kabayo ko.” Kita n'yo?

<sup>94</sup> Isang taon ang nakararaan, habang nakatayo sa likod dun kasama si Fred Sothmann, na nandito ngayong gabi, si Billy Paul, na anak ko. Bumaba ang Espiritu Santo. Sabi ko, “Oscar, mahahanap mo ang mga kabayo mo. Nakatayo ang mga 'yun sa niyebe.”

Naroon nga 'yung liham, sinulatan niya ako noong nakaraang sanlinggo, at Biyernes ko natanggap, dumating dito. Nandun 'yun ngayon nakasalansan kasama nung iba pang mga liham. “Kapatid na Branham, nahanap ni Oscar ang mga kabayo na nakatayo roon sa niyebe.”

<sup>95</sup> Kung papaanong buhay pa ang mga 'yun, walang nakakaalam. Nandoon, 'yung binatilyo...Mga ganito ring bahagi ng taon, Hunyo, napakaraming niyebe roon na dalawampu o tatlumpung talampakan ng niyebe ang nakapaligid sa kanila. Papaano kaya nakapanatili ang mga 'yun nang buong taglamig, sa barangka na 'yun? Maaaring lapitan ni Oscar ang mga 'yun, habang nakasuot siya ng mga sapatos na pang-niyebe, pero, siyempre, hindi niya maaaring suotan ng mga sapatos na pang-niyebe ang kanyang kabayo. Pero nahagilap nga niya sila, ayon sa Salita ng Panginoon. Para ngang kahibangan kung pakikickingan; pero paniwalaan n'yo lang nang isang beses! Nakasalalay 'yun sa kung paano kayo nakaroska.

<sup>96</sup> Ngayon, hindi 'yun roroska sa isang denominasyon. Roroska lamang 'yun sa Salita. Anupa't may mga tao sa mundo na naniniwala mismo sa Salita na 'yun! Kinakailangan ng isang tuwerka para kunin ang Nobya mula rito, na nakaroska, dahil ang Nobya at ang Nobyo ay iisa. At ang Diyos ay isa, at ang Salita ay Diyos! Kinakailangan na nakaroska 'yun sa Salita, at kukunin nun ang Nobya palabas sa mga denominasyon na ito.

<sup>97</sup> Oo, gusto niyang pintasan ako. Alam n'yo, naalala ko 'yung ipinangusap ko, kaninang umaga, ang Diyos na nakatago sa likod ng mga balat, balat ng tao.

<sup>98</sup> Maiksing kuwento na lang, at pagkatapos magsasara na ako; pasensya na po kung napanatili ko kayo rito nang mag-aapatnapu't limang minuto na ngayon. May isang tahanan, Cristianong tahanan, at mayroon dun na isang...Nabanggit ko

ito dun sa kritiko. At sa tahanan na ito ay may . . . Naniniwala sila sa Diyos. May munting batang lalaki sila roon, pero takot na takot siya sa bagyo. Kapag kumikidlat, oh, takot na takot nga siya. Kumakaripas nga siya papunta sa ilalim ng mga mesa, o sa kung saan, kapag kumikidlat.

Mangyari nga na isang gabi bumagyo roon sa bukid, at doon sa lugar kung saan sila nakatira, at 'yung mga puno'y hinahangin nang husto, at talagang kumikislap 'yung kidlat, lumalalim na ang gabi. Ang sabi nung nanay kay Bunso, sabi, "Ngayon, Bunso, umakyat ka na sa itaas at mahiga ka na." Sabi, "Ngayon, huwag kang matakot. Umakyat ka na roon."

<sup>99</sup> Kaya si munting Bunso, suot-suot ang kanyang pajama, humakbang na dun sa hagdan, lumingon siya, halos paiyak na. Nahiga na siya, sinusubukang matulog, tinatalukbungan niya ang ulo niya. Hindi siya makatulog; kumikislap 'yung kidlat sa palibot nung bintana. Kaya tumawag siya, "Oh, mama," sabi, "halika po rito at tabihan ako sa pagtulog."

Buweno, sabi ng nanay, "Bunso, walang makagagambala sa'yo. Hindi ka maaano nung kidlat."

Sabi niya, "Pero, mama, umakyat ka po rito at tabihan ako sa pagtulog."

<sup>100</sup> Kaya umakyat 'yung nanay sa hagdan at nahiga sa kama, tinabihan ang kanyang bunso. Tapos ang sabi nung nanay, "Bunso, anak ko, may gustong sabihin sa'yo si nanay." Sabi niya, "Bunso, Cristianong pamilya tayo. Naniniwala tayo sa Diyos, at naniniwala tayo na protektahan tayo ng Diyos sa mga bagyo. Naniniwala tayo ryan. At naniniwala tayo na inaalagaan ng Diyos ang mga Kanya." Tapos sabi, "Gusto kong paniwalaan mo 'yan, Bunso. Na, huwag kang matakot. Kasama natin ang Diyos, at protektahan Niya tayo."

<sup>101</sup> Hindi pinansin ni Bunso nang ilang ulit. Sabi niya, "Mama, naniniwala naman ako diyan, siyanga." Sabi niya, "Pero kapag ang kidlat na 'yun ay napakalapit na sa bintana, nais kong maramdaman na ang Diyos ay may balat Ito."

Haya't iniisip ko 'yan nang lubos na tayong mga matatanda ay iniisip ang siya ring bagay na 'yan. Ang Diyos, na may balat Ito! [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Ang Diyos, na may balat Ito! Kung pakikinggan ay parang kahibangan, sa mundo, pero pinalalapit nga nito ang lahat na mga tao patungo sa Kanya.

Manalangin tayo.

<sup>102</sup> Makalangit na Ama, sa mumunting mga kuwento na ito ng—ng mga karanasan, at kung minsan ay nangyayari ang mga ito dahil may dahilan. At ito, gayong medyo padalos-dalos, pero nauunawaan namin ito sa lingguwahe na nangyari ito. Kaya pinasalamatan Ka namin, ngayong gabi, Panginoon, na—na ang Diyos ay nakakapanahan ng Kanyang Sarili sa amin. Kami'y

nagpapasalamat na may kabayaran na inialay, ang Dugo ng Isang matuwid, si Jesus; na Siyang kapuspusan ng Diyos, ang kapuspusan ng pagka-Diyos sa laman, na Kanyang inihain ang Kanyang mahalagang buhay; hindi sapilitang kinuha mula sa Kanya, bagkus ay kusang-loob na inihain ito, nang sa gayon ay matamasa namin Siya sa kapuspusan ng Kanyang Presensya, sa kaluwalhati ng Shekinah na Kanyang kinabubuhayan; nang sa gayon ang mga kaluluwa namin ay mapaging malinis sa pamamagitan ng Dugo na 'yun, na ang dakilang Espiritu Mismo'y makapanahan sa amin. At kami'y maging mga guro, mga propeta, at kung ano pa, sa mga tao, sa kanila, Panginoon, na nangangailangan; bilang mga kaloob ng Diyos; ang Diyos Mismo na nahahayag, pinagbabaga ang mga dakilang kaloob ng Diyos, sa harapan ng modernong kapanahunan na ito.

<sup>103</sup> At ang magaspang na salitang 'yun, Panginoon, ng pagiging isang hibang. At alam namin, na sa araw na ito, na dumadaan ang panahon na ang mundo'y nababalawah gaya ng iglesya sa panahon ngayon, na basta na lang nakikianib sa bagong mga kasimbahanan at bagong mga denominasyon. Ang isang lalaki na dumarating na dala-dala ang Salita'y itinuturing na isang hibang, isang baliw na tao. Gaya ng dakilang apostol Pablo, na pinagsanay para maging isang teologo, isang saserdote, at sa kabila nun ay sinabi niya na siya'y naging isang mangmang, para sa kaluwalhatian ng Diyos. Tinalikuran niya ang kanyang edukasyon, dahil baka ang mga tao'y . . . makikinig na lang sa kanyang matataas at pulidong mga pananalita. Haya't sinabi niya na hindi siya pumaroon na may nakabibighaning mga salita't karunungan ng tao, na ang pananalig nila'y maging sa ganoon. Ganoon na lamang na bumaling ang iglesya sa ganyan sa panahon ngayon, gaya ng iprinopesiya niya, "Sa aking paglisan, papasok ang mga lobo, na walang patawad na lalapain ang kawan." Pero anupa't sinabi niya sa kanila, "sa pamamagitan ng kapangyarihan at pagpapahayag ng Espiritu Santo," nang sa gayon ang pananampalataya nila'y sa Diyos. Ama, siya'y naging mangmang, sa sanlibutan, upang mapagkilala si Jesus.

<sup>104</sup> At ganoon din kami ngayon, Panginoon. May mga tao na nakaupo rito na itinuturing na baliw, dahil nakahanda silang pagkatiwalaan ang Diyos para sa kanilang kagalingan, para sa Walang Hanggan nilang patutunguhan. Itinataya ang kanilang reputasyon, para sambahin Siya. Pinasasalamatan Siya, pinupuri Siya, na binibigyan ng kalayaan sa kanilang espiritu, para sambahin ang Diyos; sila'y itinuturing na baliw. Pero Iyo pong sinabi, na, "Ang—ang kamangmangan ng Diyos," kung kami'y mga mangmang, "ay mas malakas at mas matalino kaysa sa karunungan ng tao; dahil ang tao, sa pamamagitan ng karunungan, ay di napagkikilala ang Diyos. Pero sa pamamagitan ng kamangmangan ng pangangaral, nalugod ang Diyos na iligtas sila na mga maliligtas." Dalangin namin, Diyos,



na ang dakilang May-Akda ng Salitang ito ay dumating ngayong gabi at pagalingin ang mga maysakit, iligtas ang mga naliligaw. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>105</sup> Aking ihahambing ang Diyos, para hindi n'yo mapaglabilabo ang bagay na ipinangusap ko ngayon; na ang Diyos ay isang malaking Brilyante, ang Walang Hanggan.

At kapag ang isang diyamante'y hinango mula sa asul na mga bato ng Aprika, nakapunta na ako sa mga minahan at nasubaybayan ang mga 'yun sa malaking...kung paano nila prinoproseso 'yun at kinukuha 'yung mga brilyante, kung papaanong dumadaan ang mga 'yun sa gilingan, at lumalabas 'yung malalaking asul na ningas na mga brilyante, itim na mga brilyante. Walang korte ang mga 'yun, na partikular na korte. Basta bato lang 'yun na napakamahalaga. At, kung tutuusin, wala ngang ningas sa loob ng mga 'yun sa yugto na 'yun. Basta brilyante lang ang mga 'yun, isang bato; bilugan, pinakinis, marami sa mga 'yun. Anupa't kinakailangan na matapyas itong brilyante na ito. Ngayon, labag sa batas na hindi 'yun tapyasan. Kinakailangang tapyasan, at pagkatapos kinakailangan na may resibo ka kung saan mo ito nabili, dahil milyun-milyon dolyar ang halaga ng mga 'yun.

At inihahambing ko ang Diyos sa brilyante na 'yun.

<sup>106</sup> Ngayon, ang isang brilyante'y tinatapyas para paaninagin nito kung anong nasa loob nito, 'yung ningas na nasa loob nung brilyante. At kinakailangan na matapyas ito sa bawat mumunting paraan, bawat mumunting hugis, tatlong guhit. Tatapat 'yung tatlong guhit sa isang brilyante, at 'yung liwanag na itututok sa bagay na may tatlong guhit ay magpapalabas ng pitong kulay, kita n'yo, magbibigay ng pitong kulay.

<sup>107</sup> At ngayon pansinin, "Ang Diyos ay nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, nabugbog dahil sa ating mga kasamaan." Kita n'yo, Siya'y tinaga, nabugbog, ang malaking Brilyante, na mula sa Kanya'y mapaaninag ang mga kaloob sa Iglesya.

At hindi dahil sa liwanag; dahil, kinakailangang bumalik nung liwanag, kapag hindi tumatama roon ang araw, patungo sa kung saan ito tinapyas.

Anupa't ang bawat mumunting piraso na nanggaling sa pagtatapyas na 'yun ay hindi winawasak; ginagamit 'yun. Marami sa mga 'yun ang ginagawang Victrola na mga karayom. At 'yung mga karayom na 'yun ay nagpapalabas, na mula sa mga tinapyas mula sa brilyante, nagpapalabas ng musika na inilagay dun sa isang plaka.

<sup>108</sup> At umaasa ako na nakikita n'yo ang ibig kong sabihin. Yung tapyas mula kay Cristo, 'yung kaloob mula kay Cristo, na inilagay sa Biblia, ay ipinangusap mismo ang mga lihim na mga hiwaga ng Diyos sa mananampalataya. Natatalos Niya ang

lihim ng puso. Kilala Niya ang bawat tao. Naniniwala ba kayo roon?

Hindi nga sasabihin nung brilyante, “Nakikita n’yo ba kung ano ako?” Kundi kung saan siya nanggaling. Ang brilyante ay isang brilyante dahil galing siya sa isang brilyante.

<sup>109</sup> At ganoon ito sa mga kaloob ng Espiritu, ang isang... sa tao, bahagi 'yun nung Brilyante na 'yun. Ipinadala 'yun, at dinala roon, at dinala sa isang kaloob, para makapagbigay interpretasyon, para makapangaral, para makapagturo. May limang espirituwal na kaloob; mga apostol, mga propeta, mga guro, mga pastor, mga ebanghelistang, at ang lahat ng ito'y para sa ikatitibay ng Katawan ni Cristo. At kung papaano nga na may mga guro, mga pastor, marapat lang na may mga propeta. Alam natin 'yan.

<sup>110</sup> At alam natin na ang Diyos ay mahahayag sa huling araw, sa gitna ng Kanyang bayan, sa hirang na Binhi, ayon sa Biblia, sa anyo ng propeta. Yun mismo ang Salita. Hindi dahil 'yung tao'y Diyos, bagkus 'yung kaloob ay Diyos. Kita n'yo? At 'yun ang karayom.

Ngayon, 'yung aspili nga'y hindi makakapagpatunog ng plaka. Yung regular na karayom na panahi'y hindi makakapagpatunog nang tama. Dapat brilyante, 'yun ang pinaka mainam. Pinalalabas nun ito nang malinaw, ng isang karayom na ang dulo ay brilyante.

<sup>111</sup> Nawa ang Diyos, sa gabing ito... Ang rekord ng inyong buhay, anumang bagay na mali sa inyo, anumang bagay na minimithi n'yo mula sa Diyos, nawa ang dakilang Maestro na Siyang humahawak sa karayom sa Kanyang kamay, nawa'y ilagay Niya ito sa inyong buhay at ihayag sa atin kung ano ang ipinunta n'yo, ano ang asam n'yo; pagkatapos malalaman natin na narito Siya.

<sup>112</sup> Makalangit na Ama, nawa'y Iyo pong ipagkaloob ito bago ko simulan ang pila para sa pananalangin, hindi sa pakay kong gawin ito, bagkus Iyo pong ipagkaloob ito, nang sa gayon ay malaman ng mga tao. Maging sa mga estranghero na narito para ipanalangin. Hindi ko sila nakikilala, pero nakikilala Mo sila. At ang sabi ni Pablo, “Kung magsasalita ka ng iba't ibang wika, at walang magbibigay ng interpretasyon o walang pagpapatibay na mapapala, sasabihin ng mga tao na baliw ka. Pero kung may magproposesiya at ihahayag kung ano ang nasa puso, kung ganoon ay sasabihin nila, “Tunay ang Diyos ay sumasa inyo.” Nawa'y magkaganito mismo, Diyos, sa atrasadong oras na ito. Iyo pong ipinangako ito, at magiging ganoon nga. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>113</sup> Ngayon iniisip ko kung ilan ang may sakit dito ngayong gabi, na narito? O nakapagbigay ba si Billy ng mga prayer...? Nakapagbigay ba ng mga prayer card? [Sinababi ng mga kapatid,

“Opo.”—Pat.] Mayroon nga. Buweno, sa palagay ko bawat may sakit ay nakakuha ng prayer card, pero hindi ko alam kung anong isinulat n’yo dun. Sa palagay ko ibinigay lang niya sa inyo ’yung card; isinulat n’yo ’yung nais n’yo roon. Ganoon po ba? Tinanggap n’yo ’yung card; inilagay n’yo ’yung kung ano mang nais n’yo.

114 Hindi ko kayo kilala. Ilan po sa mga narito ang nakakaalam na hindi ko kayo kilala, at hayan po na may sakit kayo, at sasabihin n’yo ito, “Anuman ang napakinggan ko sa araw na ito, ‘Ang Diyos nga ang nasa likod ng mga balat na ito. Ang Diyos sa likod ng balat ng tao, na tinatabingan ang Kanyang Sarili’”? Pero kung may espirituwal kayong mga mata, mamumulat n’yo ’yan at makikita n’yo Siya, makikita kung Sino Siya. At sinasampalatayanan n’yo ’yan. Sinabi ni Jesus, “Ang sumasampalataya sa Akin ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya; lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin niya, sapagkat paroroon Ako sa Ama.” Ngayon, kung sasampalatayanan n’yo ’yan nang buong puso n’yo!

115 Ilan po sa mga narito ang may sakit, at nalalaman na hindi ko kayo nakikilala, hindi alam kung anong suliranin sa inyo? Itaas n’yo ang inyong kamay, sabihin, “Ako’y may sakit. Ako’y may pangangailangan.” Ilan ang may inaasam sa kanilang puso, na walang sakit, pero may minimithi? Alam n’yo ang bagay na aking . . . Sige po. Parang wala po yata, sa nakikita ko, kundi ’yung mga nagtaas lang ng kamay. Ngayon, hindi ko alam . . .

116 Kilala ko ang lalaking ito na nakaupo rito. Sigurado ako na si Kapatid na James ’yan, at sa palagay ko si Kapatid na babaing James naman ito. Si Kapatid na Ben, kilala ko. Mga mukha lang n’yo, kung minsan; ’yung kapatid na kumukuha ng litrato. Pero ang . . .

Sige’t sa mga nariyan sa likod, sa kung saan, sige’t . . . Aking—aking—aking hamon ito, sa batayan, at sa pagsasara ng Mensaheng ito.

117 Alam n’yo ba na ipinangako ng Diyos na mangyayari ito sa huling mga araw? Ipinangako Niya ’yun. Kita n’yo? Ngayon hindi ko po kayang ipangyari ’yun. Kita n’yo, hindi ko—hindi ko kayang gawin ’yun. Siya ang kailangang magpangyari nun. Siya ang Isa Na nagpapangyari nun; hindi ako. Pero sinasampalatayanan ko Siya, o kung hindi’y hindi ako tatayo rito na sinasabi sa inyo ang isang bagay na hindi ko sinasampalatayanan. Ngayon, manalangin kayo, at sabihin n’yo, “Panginoong Jesus, itinuro sa akin sa Biblia na Ikaw ang Dakilang Saserdote sa oras na mismong ito, na nahihipo’t nahahabag sa aming kahinaan.” Hindi ko alintana kung nasaan kayo. Haya’t sabihin lamang, “Sumasampalataya ako sa Iyo. At, sa pamamagitan ng pananampalataya, nananampalataya ako sa bagay na ipinangusap ng lalaking ’yun sa araw na ito.”

118 Yun ang bagay na sinabi sa akin nung Anghel, “Tbunsod mo ang mga tao na maniwala sa iyo.” At yamang ipinangungusap ko ang Salita ng Diyos, hindi ito “maniwala kayo sa akin,” kundi “maniwala kayo sa Salita.”

Kung hindi ito Salita, kung ganoon huwag n’yong paniwalaan. Pero kung naniniwala kayo na ito ang Salita, kung ganoon, anuman ito, manalangin kayo at sampalatayanan, at tingnan n’yo kung magagawa pa rin Niyang ihayag kung ano ang nasa puso n’yo.

119 At sinuman ay nakakaalam na sinabi ng Biblia, na, “Ang Salita ng Diyos ay mas matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim, at madaling kumikilala sa mga pag-iisip at mga haka ng puso.”

Sa ganoon napagkilala ni Abraham na ang Diyos ’yun, noong nagawa Niyang saysayin kung ano ang sinasabi ni Sarah sa likuran sa loob ng tolda, kung ano ang iniisip niya; noong sabihin Niya, “Ako’y dadalaw sa inyo,” at sa isip-isip ni Sarah sa puso niya, “Hindi ’yun posible.”

120 Ngayon, sinabi ko na narito Siya para pagalingin kayo. Anong palagay n’yo tungkol dito? Kung kayo nga’y makasampalataya lamang! Ngayon, wala akong kakayahan, wala akong tiyak na pamamaraan; batid ’yun ng Diyos sa Langit. Kita n’yo? Kinakailangan kong makita mismo. At ang bagay na makita ko, sinasabi ko; at ang bagay na di ko—di ko makikita, hayan nga, hindi ko maaaring sabihin. Pero Siya nga’y siya pa ring Diyos! Patataasin ba nun ang panampalataya n’yo, kung gagawin Niya ’yun?

Sa pangangaral ng tulad nun, medyo nawawala ako nang kaunti. Pero nandito Siya. Batid ko ’yan.

121 Minamasdan ko ang isang lalaki habang iniyuko niya ang kanyang ulo, diyan sa likod *dito*. Nakaupo sa tabi niya ang kanyang maybahay, nananalangin, din. *Dito* nga. May bagay sa iyong puso. Ang maybahay mo, ay nananalangin. May pasan sa iyong puso. Ito’y sa iyong biyenang babae. Tama. Naniniwala ka ba na magagawa ng Diyos na sabihin sa akin kung anong suliranin sa biyenang mong babae? Hindi kita kakilala. Tayo’y estranghero sa isa’t isa. Siyanga’t tama po? Naniniwala ka ba na kayang sabihin sa akin ng Diyos kung anong suliranin sa kanya? Wala siya rito. Nakikinita ko ang isang malayong distansya; siya’y nasa silangan mula rito. Siya’y nasa Ohio. Tama. Pinapahirapan siya ng kondisyon sa dugo. Itago ng maybahay mo ang panyo riyon, na iniiyakan niya, ilapat sa biyenang babae. Huwag kang mag-alinlangan; siya’y gagaling. Sinasampalatayanan mo ba ’yun?

122 Heto ang isang munting binibini na nakaupo mismo rito sa harapan ko. Siya’y umiiyak. May kung anong bagay nga na suliranin sa batang ’yan, hindi ko alam...Hindi, hindi

po pala suliranin. Mayroon siyang mithi. Minimithi niya na makatanggap ng bautismo ng Espiritu Santo. Siyanga't GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Manampalataya ka, anak, na tatanggapin mo Ito. Siyanga. Huwag kang mag-alinlangan.

<sup>123</sup> Heto ang isang binibini na nakaupo rito sa dulo ng hanay. Nananalangin siya. Ako'y estranghero sa kanya, pero siya nga'y naaninuhan. Naoperahan ka. Kung tayo'y estranghero sa isa't isa, sa tingin ko. Hindi kita kilala. Hindi mo ako kilala, sa pakikinig lang sa akin marahil. Hindi ka taga-rito. Isa kang estranghero sa kalagitnaan namin. Taga-Wisconsin ka. Ang siyudad ay Milwaukee. At ang suliranin mo ay kanser; nasa dibdib. Inoperahan nang inoperahan, pero hindi nagtatagumpay. Itulot mo ang pananampalataya, na humipo sa laylayan ng Kanyang damit, sampalatayanan mo ito ngayon mismo. Patimuin mo sa iyong puso; mangyayari ito. Manampalataya ka!

<sup>124</sup> Isang lalaki ang nakaupo sa sulok dito. Nananalangin siya para sa kanyang nanay. Isa siyang estranghero sa akin. Hindi ko siya kilala. Pero nananalangin siya para sa kanyang nanay. At ang nanay niya ay may ganoon din sa babaing ito rito, kanser. O, natatakot siya rito, na siyanga naman. May lalaki ka na ipinapanalangin, at ang lalaki na 'yun ay may suliranin sa kanyang likod. Siya, rin, nakikinita ko na lasing siya. Isa siyang lasenggo. Ang kapatid mong lalaki. Hindi ka taga-rito. Taga-Illinois ka. Naniniwala ka ba na masasabi sa akin ng Diyos kung anong pangalan mo? Farmer. Tama ba? Itaas mo ang kamay mo. Manampalataya ka!

<sup>125</sup> May lumuluhod diyan para sa isang tao, nananalangin, para sa isang tao na nakaratay sa isang banig. Buweno. Nananampalataya ka ba na ang bagay na iyong narinig, ay Katotohanan, binibini? Nananampalataya ka. Kung mapapagaling kita, lalapit nga ako para gawin ito. Pero pinagaling ka na ni Cristo, kita n'yo. Kinakailangan n'yo lamang sampalatayanan ito. Yang binibini na nakatayo rian, na nananalangin, ay nananalangin para ikaw ay hipuin. Hindi kita nakikilala, pero nakikilala ka ng Diyos. Taga-labas ka ng bayan, din. Siyanga. Taga-Illinois ka. Yun mismo. Ang pangalan ng siyudad ay East Moline, Illinois. Pinahihirapan ka ng kanser. Asawa ka ng isang ministro. Nananampalataya ka ba? Mamamatay ka, kung mararatay ka rian. Siyanga't tanggapin mo Siya ngayong gabi, at sabihin, "Magagawa ko, sa aking puso, sa pananampalataya kong higit sa anumang bagay rito, ako'y nananampalataya na pinagaling na ako. Ako'y nasa Presensya ng Diyos." Tumayo ka, manampalataya, at umuwi't pinagaling ka na. Hayan nga siya.

Sumasampalataya ba kayo nang buong puso n'yo? Purihin natin ang Diyos.

<sup>126</sup> Makalangit na Ama, pinasasalamatang Ka namin dahil sa lahat ng Iyong kabutihan at habag. Pinasasalamatang Ka namin, dahil, narito Ka pa rin, dito sa gitna ng lahat na suliraning ito. Sa mundong ito na binaluktot, haya't narito Ka. Iyong ibunsod ang Iyong Espiritu, Panginoon, na manatili mismo kasama namin. Nakikita namin na narito Ka, Diyos na may balat, na nasa mga puso ng tao; nagkakaloob ng pananampalataya, at ng kapahayagan, at ng pangitain. Ikaw ay Diyos sa Iyong Iglesya, Diyos sa Iyong bayan. Pinasasalamatang Ka namin para rito, Panginoon. At nawa ang lahat ay manampalataya, ngayong gabi, nang may pagkakaisa, at nawa sila'y gumaling. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, aming dalangin. Amen.

<sup>127</sup> Ilan sa mga nariyan ang may prayer card, sa panig na 'yan? Pakialalayan 'yang mga nandiyan sa banda na 'yan, na umusog sa likod, padiretso sa gitna ng pasilyo rito. Sila na nandiyan sa pasilyo na 'yan, pumila lang kayo papunta sa direksyon na ito, pumuwesto kayo, papunta sa direksyon dito. Sila diyan, kapag natapos na sila, itong pila na ito rito'y sumunod dun sa kabilang panig.

<sup>128</sup> Lumapit kayo mga matatanda sa iglesya. Kapatid na Roy, pagpalain ka ng Panginoon; hindi ko napansin na nakaupo ka riyan. Nais kong ang mga diyakono ng simbahan ay pumunta rito nang daglian, kung makakalapit sila mula sa kung nasaan sila. Halikayo rito para sa kaunting pag-alalay.

Nais ko na ang bawat isa na ipapanalangin, na itaas n'yo ang inyong kamay, sabihin n'yo ito pagkatapos ko:

Panginoon, nananampalataya ako, tulungan Mo po ako sa aking kawalan ng pananampalataya. Naniniwala ako, na sa Iyong Presensya, habang sumusunod ako sa Iyong Salita, at ang aking . . . may mga kamay na nakapatong sa akin ngayong gabi, aking tatanggapin ang aking kagalingan, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>129</sup> Pagpalain kayo ng Diyos. Ngayon masdan, "Ang panalangin ng pananampalataya'y makakapagligtas ng mga maysakit. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling." Sinabi Niya kay Noe noon na uulan. Kailanman ito . . . Kailanman siya, ngayon, kailanman nga'y hindi niya sinabi, "Sa lalong—lalong madaling panahon na kayo'y ipanalangin, iigi ang inyong lagay." Ang sinabi niya, "Gagaling sila."

<sup>130</sup> Sinabi Niya kay Noe na uulan. Hindi umulan nang sandaan at dalawampung taon, pero umulan.

Sinabi kay Abraham na siya'y magkakaanak kay Sarah. Hindi nangyari nang dalawampu't limang taon, pero nagkaanak siya.

Sinabi kay Isaias na isang birhen ang magdadalan-tao. Hindi nangyari nang walong-daang taon, pero nagdalan-tao ang birhen.

Tama ba? Kanyang ipinangako ito! Kahit na gaano pang katagal ang abutin, Kanyang gagawin at gagawin ito, ano't anuman. Sampalatayanan n'yo 'yun.

<sup>131</sup> Lumapit na kayo ngayon sa harap. Si Kapatid na Capps ang mangunguna sa awitan. Itatabi mo ang mga card? Ngayon ang lahat po'y manalangin ngayon.

<sup>132</sup> Makalangit naming Ama, susunod po kami sa Iyong mga utos sa pagpapatong ng mga kamay sa mga maysakit. Wala akong nalalaman na ibang bagay na magagawa Mo, Panginoon, dahil Iyong sinabi na, sa Iyong Salita, na Iyong binili na ang kanilang kagalingan. Napatunayan Mo na narito Ka kasama namin sa gabing ito, ang Salita na nakakakilala ng mga pag-iisip na nasa puso. Iyong pinatunayan 'yun, na narito Ka sa kalagitnaan namin. At dalangin ko, sa Iyo, Ama, na ang Iyong Salita, na hindi nabibigo, ay magiging mas totoo pa sa bawat puso! Yamang Iyong sinabi, "Kung sampalatayanan ninyo ito; huwag mag-alinlangan, kundi sampalatayanan ito; sabihin sa bundok na ito, 'Malipat ka,' at huwag mag-alinlangan, kundi sampalatayanan na ito'y mangyayari!" Hindi Niya sinabi kung kailan.

<sup>133</sup> Sinabi Mo sa mga tao, noong Pentecostes, na umakyat doon sa itaas at maghintay. Hindi Mo kailanman sinabi ang mga oras, mga araw; ang sinabi Mo, "hanggang." Ngayon sila'y lumalapit para tanggapin ang kanilang kagalingan. Nawa'y di nila isipin ang anumang ibang bagay kundi sila'y pinagaling na, hanggang sa dumating ang araw ng pagpapalaya. Tumatalima kami sa Iyo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, sa kanila, bilang mga mananampalataya. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>134</sup> Sige po, lumapit na kayo ngayon. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . pinagaling ka na. Pagpalain ka ng Diyos. Sige lang. Mainam 'yan . . . ? . . . [Blangkong bahagi sa teyp.]

All things are possible, only believe;  
Only believe, only believe,  
All . . .

Panginoong Jesus, ipinapanalangin ko ang mga panyong ito ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Iniisip ko kung maaari nating baguhin ang liriko:

Now I believe, it's now I believe,  
All things are possible, now I believe;  
Now I believe, now I believe,  
All things are possible, now I believe.

<sup>135</sup> Nananampalataya ba kayo na ang bagay na hiniling at minithi ay ipagkakaloob? Mangyayari nga.

<sup>136</sup> Nakita ko, habang dumadaan sa pila kanina lang, ang ilan sa mga kaibigan kong Italyano mula Chicago. Ilan ang nakakakilala kay Kapatid na babaing Bottazi na taga-Chicago? Buweno, alam n'yo, nagkaroon siya ng—ng mental, inatake ng nerbiyos nito-nito lang, na malubhang, malubha. Pero noong umaga sa Chicago sa agahan ng Christian Business Men, sinabi ko sa kapatid na babae, sa ilalim ng kasi ng Espiritu Santo. Bumalik siya roon sa isang panig, at hindi niya mapigilan ang sarili niya. At kaya ang sabi ko, “Kapatid na babae, hindi mo 'yan malalamasan agad-agad, pero talagang gagaling ka.” Ang sabi ko, “Alinman sa labing-walong buwan, o dalawang taon, sa panahon na 'yan ka iigi.”

<sup>137</sup> Noong isang araw habang nakikipag-usap sa kanya... Narinig ko siya na nagpatotoo, galak na galak, pinakamasaya na naramdaman niya sa buong buhay niya. Nakasakay siya sa isang kotse. Wala siyang kapayapaan, ang Presensya ng Diyos ay para bang malayo sa kanya; dahil, hayan nga 'yung mental na nerbiyos, alam n'yo na; at bigla-bigla na lang nanumbalik 'yun nang may higit na daloy ng kagalakan, at ang kapangyarihan ng Espiritu Santo'y nasa kanya. Humagulhol siya, umiyak siya, siya'y—siya'y... Nagtamasa sila ng maluwalhating panahon, mga tatlo o apat na linggo ang nakararaan, o isang buwan. At narinig ko ang patotoo niya, noong Linggo bago itong huli, haya't ang sabi niya, “Kapatid na Branham, noong bumalik ako, minarkahan ko at kinuha 'yung teyp. At sako mismong labing-walong buwan, hanggang sa araw na 'yun.” Amen.

Iniibig n'yo ba Siya? Hindi ba't kahanga-hanga Siya?

<sup>138</sup> Ngayon, ang siya ring Espiritu Santo na makapaghuhula nang eksakto, nang di pumapalya, sa lahat ng mga taon na ito; at, sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ay sinisikap na maglantad sa inyo ngayon na ang Diyos ay hindi kung anong bagay na malayong-malayo o kung anong bagay sa kasaysayan. Siya'y buhay na buhay, pangkasalukuyan, ang Kanyang Salita'y nahayag. Itinago Niya ang Kanyang Sarili sa tabing na tao, sa Kanyang Iglesya, na inihahayag ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng inyong pananampalataya at pananampalataya ko, na magkalakip, naglalakip, na nagiging isang yunit ng Diyos. Hindi ako makagagawa ng wala kayo; hindi kayo makagagawa ng anumang bagay na wala ako; ni may bagay na magagawa kung walang Diyos. Kaya, nagkalakip na gumagawa ito ng isang yunit, ng pag-uugnay. Pinadala ako ng Diyos para sa layunin; na sampalatayanan n'yo ito; at hayan nga na mangyayari ito. Ganoon lang, kita n'yo, kinukumpirma nang ganap.

Hindi ko alintana kung anumang mali sa inyo, anuman ang sabihin ng iba; kung, mula sa puso n'yo, sinasampalatayanan n'yo na gagaling kayo, wala ngang anumang bagay na makapigil dito. Siya mismo ang may sabi. At ang sabi niya,



“Kalangitan at lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Salita ay hindi mabibigo.” Sinasampalatayanan n’yo ba ’yun?

<sup>139</sup> Ilan ba ang mananalangin para sa akin para sa ibang mga pagtitipon na pupuntahan ko? Ako po ang nangangailangan ng panalangin. Kita n’yo? Tinalikuran na ako ng lahat, kita n’yo, pero kayo, at hayan nga na may Binhi sa dako roon.

<sup>140</sup> Nagpadala ako ng liham sa Timog Aprika. Hindi nila ako pinapupunta maliban na pirmahan ko raw ang isang papel na ako’y “magbabautismo, sa direksyon na ’yun, babautismuhan ang lahat nang tatlong beses; isa para sa Ama, at isa para sa Anak, at isa sa Espiritu Santo, nang paharap ang direksyon. Yung kabilang direksyon, magbabautismo raw ako nang patalikod, isa para sa Ama . . . At ituro ko raw ang Doktrina na ’yun.”

Sinulatan ko sila ng liham. Sabi ko, “Sinisikap ng Espiritu Santo, nitong nakaraang ilang taon, na papuntahin ako sa Aprika muli. Nais Niyang gamitin ang aking pagmiministeryo doon kung saan tatlumpung libo ang tatanggap kay Cristo sa isang hapon.” Sabi ko, “Alalahanin n’yo, ang dugo ng mga kaluluwa na ’yan ay nasa inyo, hindi nasa akin. Nag-alok ako na pupunta, pero ayaw n’yo akong tanggapin.”

Iniisip ko kung ano kaya sa panahon na ito kapag si Jesus, na Anak ng Diyos ay tinanggihan na ng iglesya, tinanggihan na ang Salita? Pero sa—sa kabila ng lahat ng ’yan, Kanya pa ring ipinakikilala ang Kanyang Sarili sa Kanyang mga hirang. Hindi ba’t lubos-lubos ang pasasalamat n’yo para riyang?

<sup>141</sup> At dumaan ako, ngayong gabi, ipinapatong ang mga kamay ko sa kanila, mga matatandang babae, may mga kabataan, may matatanda, may mga kabataang lalaki, matatandang lalaki, na talagang pawis na pawis gaya ko. Sa isip-isip ko, “Nakaupo riyang, nakaupo riyang na pinakikinggan ang Salita na ang iba pa sa mundo’y iniisip na kabaliwan ito.” Kita n’yo? Sila’y—sila ang turnilyo. Kita n’yo, narito ang Diyos para rosikahan ito, palalayain kayo mula sa inyong sakit. Isa itong pangako ng Salita. Alalahanin n’yo, unti-unti itong hihigpit, “Aking palalapitin sila; kapag Ako’y mataas na, Aking palalapitin sila.” Kanyang kukunin ’yun palayo sa inyo. Tunay nga na gagawin Niya. Sampalatayanan n’yo lamang Siya, magkaroon ng pananampalataya sa Kanya. Huwag n’yo Siyang pag-alinlanganan. Sampalatayanan n’yo Siya.

<sup>142</sup> Ipanalangin n’yo ako. Kapag wala na kayong ibang ipapanalangin, haya’t alalahanin n’yo ako. At pagkatapos:

Until we meet! till we meet!

Till we meet . . .

Salamat sa pagpunta ng mga malayo pa ang biniyahe. Protektahan kayo ng Diyos sa pag-uwi n’yo!

Till we . . .

Batiin n'yo ang lahat ng mga Cristiano, bigyang-pugay n'yo sila, mula sa grupo rito. Ang kapayapaan ng Diyos ay sumainyo! Shalom!

God be with you till we meet again!

[Inihihiging ni Kapatid na Branham ang *God Be With You—Pat.*]

. . . till we meet!

. . . at Jesus' feet;

Till we meet! till we meet!

God be with you till we meet again!

<sup>143</sup> Nagagalak ako nang lubos. Kita n'yo, may ilan, maraming bagay na di ko nalalaman, pero may ilang bagay rin na nalalaman ko. Lubos ang pasasalamat ko para sa inyo. Nagagalak ako nang lubos na magkaroon ng kaugnayan sa inyo. Nagagalak ako nang husto na maging isa sa inyo. Sumainyo ang Diyos. Siya nga. Hindi Niya kayo kailanman iiwan. Hindi Niya kayo kailanman pababayaang. Hindi Niya kayo kailanman iiwan. Nakapasok na kayo sa tabing ngayon. Kita n'yo?

<sup>144</sup> Nagagalak ako nang lubos na makita si Kapatid na Palmer, na isa sa mga katulungang pastor natin dito, mula Georgia. Nasa loob din ng gusali si Kapatid na Junior Jackson sa kung saan, diyan sa sulok, nagagalak tayo na makasama siya. Nakaupo rito si Kapatid na Don Ruddell. Oh, napakarami pa! Hindi ko alam, kung may nakaligtaan pa akong iba . . . Nandito si Kapatid na Ben Bryant, at marami pang iba rito, mainam na kapatid, si Willard Collins. Nagagalak kami nang husto na makasama namin kayong lahat dito.

Iniiisip ko lang kung maaari ba tayong tumayo, pansumandali ngayon. Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon.

Till we meet!

Till we meet at Jesus' feet; (Till we meet!)

. . . till we meet!

God be with you till we meet again!

<sup>145</sup> Nararamdaman n'yo ba ang pagiging malapit ng pakikisama sa Espiritu?

Ihiging natin ito.


Napansin ko si Kapatid na McKinney, na taga-Ohio, na kasama natin. Si Kapatid na John Martin at ang kapatid niyang lalaki. Nagagalak ako nang lubos na makasama kayong lahat. Hindi ko na kayo marahil makikita, mga kapatid. Nakikilala Niya kayo.

Till we meet!

Nawa ang puso ko at ang puso n'yo, kalakip ang puso ng Diyos, ay maging isa hanggang sa magkita-kita uli tayo!

(Nais kong hilingin sa kung sinuman na pauwiin na . . . ? . . .)

<sup>146</sup> Habang nakayuko ang ating mga ulo ngayon sa panalangin, sisikapin natin ipaalam sa bawat ministro na tayo'y nagagalak na makasama sila rito, lahat ng mga dumadalo, kayo na mga taga-Tennessee, taga-Ohio, at sa buong bansa. May mga kababaihan na nakatagpo ko riyang ngayong araw, mga taga-Boston pa. Ang itim na kapatid natin dito, kaninang umaga, taga-roon din siya. Marami po mula sa iba't ibang bahagi ng bansa; pinasasalamatan ko kayo, aking minamahal na tapat na kaibigan. Ang Diyos ay sumainyo. Tinatawag ko kayong kaibigan ko. Alalahanin n'yo ang sinabi ni Jesus tungkol dun? "Mas malapit pa kaysa sa isang kapatid," siyanga, ang isang kaibigan.

<sup>147</sup> Habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo ngayon (Hanggang sa magkita-kita tayo uli sa susunod na ilang araw, sumainyo ang Diyos.), hihilingin ko sa ating butihin, at tapat na kapatid, Kapatid na Richard Blair, kung maaari niya tayong pauwiin na sa isang pagdulog na panalangin, Kapatid na Blair. 

64-0614E Ang Kakatwang Tao  
Branham Tabernacle  
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)